ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HUNYO 2018

Liahona

Isang Paghahayag na Nagpala sa Buong Mundo, p. 12

Dakilang Pagkaama: Isang Sulyap sa Kabanalan, p. 22

Hindi Makasariling Paglilingkod para sa mga Naghihirap, p. 26

"Nasa Akin ang mga Lamina," Sigaw ni Joseph, p. 32

"NAGBIBIGAY-SULYAP SA ATIN ANG MARANGAL NA PAGKAAMA SA **MGA BANAL NA KATANGIAN NG ATING AMA SA LANGIT.**"

PANGULONG JAMES E. FAUST

Mula sa "Impluwensya ng Isang Matwid na Ama," pahina 22.

Liahona, Hunyo 2018

TAMPOK NA MGA ARTIKULO

22 **Impluwensya ng Isang Matwid na Ama**
Ni Megan Warren
Itinuro sa akin ng mga lalaki sa buhay ko na itinuring kong ama ang kahalagahan ng pagiging matwid na ama.

26 **Pagpasan ng mga Pasanin ng Isa't Isa**
Ni Elder Jeffrey R. Holland
Sa pagpapakita ng pagdamay na katulad ni Cristo sa lahat ng anak ng Diyos, nakikibahagi tayo sa gawain ng Panginoon.

32 **Mga Banal: Ang Kasaysayan ng Simbahan—Kabanata 4: Maging Maingat**
Pagkaraan ng maraming taon ng paghihintay, sa wakas ay natanggap din ni Joseph Smith ang mga lamina—na may paalala na maging maingat.

MGA BAHAGI

4 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Devla Netane**

6 **Mga Alituntunin ng Paglilingkod Limang Bagay na Ginagawa ng Mabubuting Tagapakinig**

10 **Paglilingkod sa Simbahan: Kung Saan Kami Kailangan**
Nina Wilfried at Laura Eyi

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Ating Kanlungan Tuwing Sabbath**
Ni Presidente M. Russell Ballard

PAGGUNITA SA PAGHAHAYAG NOONG 1978

12 **Pagpapaabot ng mga Pagpapala ng Priesthood**
Paanong napagpala ng paghahayag noong 1978 ang mga indibiduwal, pamilya, at ang Simbahan.

16 **Paghahayag para sa Ating Panahon**
Ginunita ng apat na Apostol ang nadama nila noong Hunyo 1, 1978, nang matanggap ang paghahayag tungkol sa priesthood.

18 **Pinagpala sa Lahat ng Paraan na Posible**
NI Elder Edward Dube
Una kong narinig ang tungkol sa restriksyon sa priesthood para sa mga itim noong ako ay full-time missionary.

20 **Binigyan ng Malaking Respeto ang Priesthood**
Ni Charlotte Acquah
Nabinyagan ako tatlong buwan makaraang dumating ang unang mga missionary sa Ghana.

SA PABALAT
Larawang kuha ni Christina Smith.

MGA YOUNG ADULT



44 Ang Nakakabalanseng Epekto ng Pagtitiis
Ni Elder Michael John U. Teh
Nagtatrabaho, nag-aaral, nagpapamilya---paano natin babalansehin ang ating mga responsibilidad?

48 Pagiging Tapat sa Aking Sarili—at sa Diyos
Ni Faith Sutherlin Blackhurst
Tinulungan ako ng Diyos na itigil ang kapalaluan ko at tanggapin ang puna ng bishop ko.

Tingnan kung makikita ninyo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Paano mo pinaglilingkuran ang iyong mga kapatid?

MGA KABATAAN

50 Paghahanda sa Buhay: Nakakabagot Kaya ang Relief Society?
Ni Charlotte Larcabal
Nalaman ko na hindi naman pala katulad ng inaasahan ko ang Relief Society.

52 Paghahanda sa Buhay: Ang Unang Araw Ko sa Elders Quorum
Ni Dallin Luedtke
Marami akong maitutulong sa elders quorum kung handa akong tumulong.

54 Mula sa Misyon: Karagdagang Tulong
Ni Allie Arnell

56 Ang Bahaging para sa Atin

58 Bawat Pahina ay Nagsasaad na Naniniwala Kami
Ni Richard M. Romney
Sabi ng kaklase ko, ang mga Mormon daw ay hindi Kristiyano—kaya nagpasiya akong tuklasin mismo ang itinuturo sa amin sa Aklat ni Mormon.

60 Mga Tanong at mga Sagot
Paano ako higit na magtitiwala sa aking sarili?" Ano ang kaloob na makahiwatig?

62 Tuklasin ang Iyong mga Kaloob
Ni Justina Lichner

64 Poster: Espirituwal na Liwanag

65 Ang Huling Salita: Laging Nariyan ang Liwanag
Ni Elder Dieter F. Uchtdorf

MGA BATA

66 Pagliwanagin ang Iyong Ilaw: Pagpapakita ng Kanyang Pagmamahal
Kapag naglilingkod ako sa aking pamilya, nadarama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit.

68 Oras ng Pagtulog para kay Felix
Ni Heidi Poelman
Gustong balikan ni Anton ang computer game niya—ngunit mas mahalaga ang mapaglingkuran ang kanyang kapatid.

70 Mga Tortilla at Mag-amiga
Nina Lindsay Stevens Tanner at Maryssa Dennis
Masaya si Adriana na hatian ng meryenda ang kapitbahay niyang si Margarita. Pero mas masaya pa siya na magkaibigan sila!

72 Musika: Ang Himala
Ni Shawna Belt Edwards

74 Pinatototohanan ng mga Apostol si Cristo
Ni Elder Dale G. Renlund

75 Kilala Ka ng Ama sa Langit
Ni Sister Cristina B. Franco

76 Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan: Sinunod ni Moises ang Diyos
Ni Kim Webb Reid

79 Pahinang Kukulayan: Kaya Kong Maging Isang Tagapamayapa

HUNYO 2018 TOMO 21 BLG. 6
LIAHONA 14752 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund

Patnugot: Hugo E. Martinez
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Francisca Olson
Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
June 2018 Vol. 21 No. 6. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

MARAMI PANG IBA ONLINE

Magbasa ng mga artikulo at mag-sumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org**

Maghanap ng nakasisigla at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona**

Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org**

Mag-subscribe sa **store.lds.org**
O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga ward leader, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)

MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *32, 56, 58*
Ama sa Langit, *40, 43, 75*
Banal na kasulatan, mga, *58*
Elders quorum, *52*
Espiritu Santo, *16, 48*
Espirituwal na kaloob, mga, *60, 62*
Espirituwal na liwanag, *64, 66*
Gawaing misyonero, *41, 42, 54, 75*
Jesucristo, *26, 58, 72, 74*
Joseph Smith, *32*
Kapalaluan; kayabangan; pagmamalaki, *48*
Kasaysayan ng simbahan, *32*
Katapatan, *48*
Pagbabalik-loob; pagbabagong-loob; paniniwala, *75*
Pagiging ama, *20*
Pagiging tagapag-alaga, *26*
Pagkahiwatig, *60*
Pagkakaibigan, *70*
Paglilingkod, *6, 10, 26, 56, 66, 70*
Pagsunod, *32, 76*
Pamilya; mag-anak, *4, 20, 44, 66, 68*
Panalangin, *4, 16, 43, 44*
Pananampalataya, *4, 18, 44*
Pangkalahatang kumperensya, *56*
Panunumbalik, *32*
Priesthood, *12, 16, 18, 20*
Priyoridad, mga, *44*
Propeta, mga, *56, 76*
Relief Society, *50*
Sabbath, *80*
Sakramento, *80*
Talento, mga, *62*
Tiwala sa sarili, *60*

MGA LARAWAN NG PANANAMPALATAYA

Apat na buwan sa kanyang pangalawang pagbubuntis, sinabihan si Delva na ang sanggol ay may di-karaniwang chromosome disorder na tinatawag na trisomy 13. Maliit ang tsansang mabuhay ang sanggol, at dahil maaaring nanganganib din ang buhay ni Delva, paulit-ulit siyang pinayuhan ng mga doktor na ipalaglag ang bata. Nahaharap sa walang-katiyakang resulta, pinili ni Delva na magtiwala sa Ama sa Langit anuman ang mangyari.

CHRISTINA SMITH, PHOTOGRAPHER

Delva Netane

California, USA

Noong walo't kalahating buwan na ako, nagpa-4D ultrasound ako.

Sa nakaraang mga ultrasound, walang makitang anumang pisikal na katangian ang mga doktor. Dahil dito, sinabi nila na ang mga kamay ng aming anak ay pudpod at sira ang hugis ng kanyang mukha. Ang mga larawan sa isang 4D ultrasound ay mas detalyado, kaya nang simulan ng technician ang ultrasound, nakita ko ang perpektong kamay ng anak ko na kumakaway sa akin sa screen. Nakita ko rin ang dalawang perpektong mata at isang perpektong bibig. Matindi ang pakiramdam ko na hindi siya mamamatay.

Nang isilang ang aming anak na si MeLa, nakaantabay ang mga espesyalista pero hindi sila kailangan. Walang trisomy 13 si MeLa. Hindi maipaliwanag ng mga doktor at espesyalista kung bakit, pero alam naming mag-asawa na ito ay isang himala.

Mga Alituntunin ng Paglilingkod

LIMANG BAGAY NA GINAGAWA NG MABUBUTING TAGAPAKINIG

Matutulungan ka ng tunay na pakikinig na malaman kung paano tugunan ang espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng iba gaya ng nais ng Tagapagligtas.

Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol: "Marahil ay higit na mahalaga kaysa sa pagsasalita ang pakikinig. . . . Kung makikinig tayo nang may pagmamahal, hindi na natin iisipin kung ano ang sasabihin. Ibibigay ito sa atin—ng Espiritu."[1]

Ang pakikinig ay isang skill o kasanayan na maaari nating pag-aralan. Ipinakikita ng pakikinig ang ating pagmamahal sa iba, tumutulong sa pagbuo ng malalakas na ugnayan, at inaanyayahan ang Espiritu na biyayaan tayo ng kaloob na makahiwatig upang matulungan tayong maunawaan ang mga pangangailangan ng iba.[2] Narito ang limang paraan na maaari nating pagbutihin ang paraan ng ating pakikinig.

Hanapin ang Magkatulad na Ideya Ninyo

Maaaring hindi ka sang-ayon sa lahat ng sinabi, ngunit sumang-ayon sa bagay na maaari mong sang-ayunan nang hindi nagbibigay ng maling palagay tungkol sa sarili mong damdamin. Ang pagsang-ayon ay makakatulong para maibsan ang pagkataranta at pagiging depensibo (tingnan sa Mateo 5:25).

Magnilay-nilay

Ulitin sa ibang salita ang narinig mo at kung paano mo nauunawaan ang damdamin ng iba. Tumutulong ito na malaman nila kung naunawaan sila at nagbibigay sa kanila ng pagkakataong magbigay-linaw.

Bigyan Sila ng Panahon

Maraming tao ang kailangan ng oras para maisip ang gusto nilang sabihin. Bigyan sila ng panahon na mag-isip kapwa bago at pagkatapos nilang sabihin ang isang bagay (tingnan sa Santiago 1:19). Hindi dahil sa natapos na sila sa pagsasalita ay nasabi na nila ang lahat ng kailangan nilang sabihin. Huwag matakot sa katahimikan (tingnan sa Job 2:11–3:1 at Alma 18:14–16).

Pagtuunan ng Pansin

Mas mabilis tayong mag-isip kaysa sa pagsasalita ng iba. Labanan ang tukso na isiping alam na natin ang sasabihin o isipin agad ang sasabihin mo kapag natapos na sila (tingnan sa Mga Kawikaan 18:13). Sa halip, makinig nang may hangaring makaunawa. Mas magiging maganda ang sagot o tugon mo dahil mababatay ito sa malawak na pang-unawa.

Linawin

Huwag matakot na magtanong para linawin ang isang bagay na hindi mo naunawaan (tingnan sa Marcos 9:32). Ang paglilinaw ay nakababawas sa hindi pagkakaunawaan at nagpapakita ng iyong interes sa sinasabi ng tao.

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na dapat tayong "matutong makinig, at makinig para matuto sa isa't isa."[3] Sa pakikinig mo na ang layon ay malaman ang tungkol sa iba, ikaw ay malalagay sa mas magandang katayuan na maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at marinig ang mga paramdam kung paano mo mapapangalagaan ang ibang taong nasa paligid mo gaya ng gagawin ng Tagapagligtas.

Ang Pakikinig ay Pagmamahal

Isang kuwento mula kay Elder Holland ang naglalarawan sa bisa ng pakikinig: "Dahan-dahang inilabas ng kaibigan kong si Troy Russell ang kanyang pickup truck mula sa kanyang garahe . . . Nadama niyang may nagulungan ang hulihang gulong niya. . . . Lumabas siya para lang makita ang kanyang pinakamamahal na siyam-na-taong gulang na anak, si Austen, na nakadapa sa semento . . . Wala na si Austen.

"Hindi makatulog at hindi mapanatag, hindi maalo si Troy. . . . Subalit sa panahong iyon ng matinding pagdurusa ay dumating . . . si John Manning.

"Hindi ko alam kung kailan bumisita si John at ang kanyang junior companion sa tahanan ng mga Russell. . . . Ang alam ko lang ay na noong huling tagsibol, tinulungan ni Brother Manning si Troy Russell na makabangon mula sa trahedyang naganap sa garaheng iyon na parang binubuhat din niya ang maliit na si Austen. Tulad ng dapat gawin ng . . . kapatid sa ebanghelyo, pinangalagaan at pinagmalasakitan ni John si Troy Russell. Nagsimula siya sa pagsasabing, 'Troy, gusto ni Austen na magpatuloy ka sa buhay—pati sa paglalaro ng basketball—kaya pupunta ako rito tuwing alas-5:15 n.u. Maghanda ka. . . .'

"'Ayokong pumunta,' sinabi sa akin kalaunan ni Troy, 'dahil palagi kong isinasama si Austen. . . . Pero nagpumilit si John, kaya pumunta ako. Simula noong unang araw na iyon, nag-usap kami—o . . .ako ang nagsalita at nakinig si John. . . . Noong una ay mahirap, ngunit nadama ko sa paglipas ng panahon na nanumbalik ang aking lakas dahil [kay John Manning, na] minahal ako at nakinig sa akin hanggang sa sumikat muli ang araw sa aking buhay.'"[4] ■

PAGLILINGKOD TULAD NG GINAWA NG TAGAPAGLIGTAS

At nang umalis si Jesus sa Jerico, dalawang lalaking bulag ang sumigaw sa Kanya na nagsasabing, "Panginoon, mahabag ka sa amin. . . .

"At tumigil si Jesus, at sila'y tinawag, at sinabi, Ano ang ibig ninyong gawin ko sa inyo?

"Sinabi nila sa kaniya, Panginoon, na mangadilat ang mga mata namin.

"At si Jesus, sa pagkahabag, ay hinipo ang kanilang mga mata: at pagdaka'y nagsitanggap sila ng kanilang paningin, at nagsisunod sa kanya" (Mateo 20:30, 32–34).

Ano ang matututuhan natin mula sa paraan ng pakikinig ng Tagapagligtas?

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, "Mga Saksi sa Akin," *Liahona,* Hulyo 2001, 16.
2. Tingnan sa David A. Bednar, sa "Panel Discussion" (pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno, Nob. 2010), broadcasts.lds.org.
3. Russell M. Nelson, "Listen to Learn," *Ensign,* Mayo 1991, 23.
4. Jeffrey R. Holland, "Mga Sugo sa Simbahan," *Liahona,* Nob. 2016, 66–67.

DETALYE MULA SA *PINAGAGALING NI JESUS ANG PLAY AT ANG BULAG,* NI JAMES TISSOT

PAANYAYANG KUMILOS

Isipin kung paano mo maisasagawa ang mga alituntuning ito sa iyong paglilingkod. Itanong sa mga pinaglilingkuran mo kung ano ang kailangan nila. Pakinggan ang kanilang sagot at ang mga paramdam ng Espiritu Santo. Kumilos ayon sa naririnig mo.

Ang mga alituntunin ng paglilingkod ay nilayong tulungan tayong magmalasakit sa bawat isa—hindi para ibahagi gaya ng isang mensahe. Kapag nalalaman natin kung sino ang mga nakaatas sa atin, ipapahiwatig sa atin ng Espiritu Santo na malaman kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.

KUNG SAAN KAMI KAILANGAN

Nina Wilfried at Laura Eyi

Isang pahiwatig na lumipat kami sa Brooklyn, New York, ang umakay sa amin sa paglilingkod at mga pagpapalang hindi namin sukat-akalain.

Noong 2013 ay nakatira kami sa Manhattan, New York, USA. Mahal namin ang ward namin. Dahil malapit nang isilang ang aming panganay, nagsimula kaming maghanap ng mas malaking apartment sa ward. May nakita kami na mukhang tamang-tama, pero hindi maganda ang pakiramdam namin.

Noong tagsibol na iyon, nadama ni Laura na dapat siguro kaming lumipat sa Brooklyn. Hindi gaanong sigurado si Wil. Wala kaming alam tungkol sa Brooklyn, at gusto ni Wil na mapalapit sa pinagtatrabahuhan niyang investment bank para, mahaba man ang oras niya sa trabaho, mas maikli naman ang biyahe niya. Nagpasiya kaming ipagdasal ito at pakinggan ang sagot sa oras ng pangkalahatang kumperensya.

Nang panoorin namin ang mga mensahe sa isang laptop computer sa aming studio apartment, nagbahagi si Elder Stanley G. Ellis ng Pitumpu ng isang karanasan niya bilang isang miyembro ng stake presidency. Sinabi niya na madalas itanong ng mga pamilyang lumilipat sa kanyang stake sa Texas, USA, kung aling ward ang pinakamaganda. Minsan lang sa loob ng 16 na taon may nagtanong na pamilya kung aling ward ang nangangailangan ng tulong.[1]

Naantig kami sa kuwento niya. Sinagot nito ang aming mga dalangin. Kaya, sa halip na manatili sa isang ward na mahal namin, na komportable kami, at na may magandang nursery at Primary, sineryoso namin ang payo ni Elder Ellis at ipinagdasal namin kung saan kami dapat lumipat.

Noong panahong iyon, naglilingkod kami bilang mga ordinance worker sa Manhattan New York Temple. Kabisado ng isa sa mga worker doon ang New York City. Nagmungkahi siya ng dalawang ward na inakala niyang matutulungan namin—*parehong sa Brooklyn*.

Napakalayo ng unang ward sa trabaho ni Wil. Mas malapit ang pangalawa, at nadama namin na nakita na namin ang tamang lugar nang bumisita kami sa sacrament meeting ng ward. Marami sa mga miyembro ay mga imigranteng Haitian. Dahil si Wil ay taga-Gabon at nagsasalita ng French, ipinalagay naming mabuti para sa amin ang manatili sa ward na iyon.

Mga Pambihirang Karanasan

Pagkaraan ng ilang linggo ay nakakita kami ng apartment at lumipat kami. Di-nagtagal ay tinawag si Wil na maglingkod sa iba't ibang makabuluhang mga paraan. Medyo natagalan ang pag-unawa niya sa wika, ngunit nadama niya na pinalad siyang magkaroon ng sapat na kahusayan sa Haitian Creole para makapag-interpret para sa mga miyembro sa mga pulong at interbyu. Pinalad din si Laura na maglingkod sa iba't ibang paraan, at nakibahagi kami sa gawaing misyonero.

Isa sa mga naging kaibigan namin ang binatang investigator na si Normil Romelus, na nagpunta mula sa Haiti para mag-aral. Bumibisita siya sa bahay namin na kasama ng mga missionary, at tinutulungan namin siya sa French at Creole. Nang mabinyagan na si Normil, sinuportahan namin siya sa Pathway program ng Simbahan, kung saan niya nakilala ang kanyang mapapangasawa. Nagpasalamat si Wil na makadalo sa kasal nila sa Manhattan Temple.

Nakilala rin namin ang isang tapat na sister na nagpunta sa New York mula sa Haiti para ipagamot ang kanyang kanser. Habang naroon siya, ginawa ng ward council ang lahat ng magagawa nila para tulungan siya at tiyaking mayroon siya ng mga kailangan niya, pati na ng transportasyon papunta at pauwi mula sa kanyang mga pagpapagamot. Pinalad kaming mapaglingkuran at mabisita siya sa panahong ito. Inasam naming

LARAWAN NG PAMILYA EYI

gumaling siya, ngunit namatay siya.

Ang dalawang karanasang ito ay ipinapakita ang ginawa ng ward para sa mga tao—ang matulungan at mapasigla sila. Nagpapasalamat kami para dito at sa iba pang mga pambihirang karanasan.

Ang Tunay na Mahalaga

Nalaman namin na kapag naglilingkod tayo sa Panginoon at sa Kanyang mga anak, inaalagaan Niya tayo. Nakatulong ang aming mga karanasan sa Brooklyn para manatiling tama ang aming pananaw. Tinulungan nila lalo na si Wil na huwag gaanong pahalagahan ang karangyaan ng pagtatrabaho sa Wall Street at tandaan kung ano ang pinakamahalaga. Sa investment banking, halos lahat ng tao ay nagtatrabaho tuwing Linggo. Kinailangan ni Wil na tapusin ang kanyang trabaho mula sa bahay paminsan-minsan, ngunit pinagpala kami ng Panginoon para hindi na niya kailanganing pumasok sa opisina tuwing Linggo.

Nang lumipat kami sa Brooklyn, akala namin magiging isa kami sa dalawang pamilya lamang na may maliliit na anak sa ward. Ngunit nagbago ang mga hangganan ng ward dalawang linggo matapos kaming lumipat, at lumipat din ang ilang iba pang mga pamilyang may maliliit na anak.

Sa huli, nilayon naming lumipat sa Gabon. Nadarama namin na naihanda kami ng aming mga karanasan sa Brooklyn na mas makapaglingkod sa Simbahan at sa mga tao sa Africa. Nagpapasalamat kami na sinunod namin ang pahiwatig na lumipat. Pinagpala kami ng Panginoon—at patuloy kaming pinagpapala—sa mga paraang hindi namin sukat-akalain. ■

Ang mga awtor ay naninirahan na ngayon sa Massachusetts, USA.

TALA

1. Tingnan sa Stanley G. Ellis, "Ang Pamamaraan ng Panginoon," *Liahona,* Mayo 2013, 36–38.

PAGPAPAABOT NG MGA PAGPAPALA NG **PRIESTHOOD**

Mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang anak at naglaan Siya ng paraan para bawat isa sa atin ay makabalik sa Kanya.

Paunawa ng patnugot: Bihirang magkaroon ng isang kaganapang napakahalaga na naaalala ng lahat kung nasaan sila nang marinig nila ang tungkol dito. Ganyan ang epekto ng paghahayag noong 1978 tungkol sa priesthood sa buong henerasyon ng mga Banal. Imposible sa espasyong mayroon dito na tuklasin nang sapat ang kasaysayan ng paghahayag o ang malaking impluwensya nito sa pamilya ng Diyos, ngunit sa pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng paghahayag, ibinigay ng Liahona *ang maikling koleksyong ito ng personal na mga sanaysay kasunod ng maikling pambungad sa ibaba. Para sa mas detalyadong impormasyon, tingnan sa listahan ng mga karagdagang sanggunian sa pahina 21.*

Itinuturo sa Aklat ni Mormon na "pantay-pantay ang lahat sa Diyos," pati na ang "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae" (2 Nephi 26:33). Dahil mahal tayong lahat ng Diyos, naglaan Siya ng paraan para ang bawat isa sa atin ay makabalik sa Kanya (tingnan sa Moises 5:9; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3). Sa buong kasaysayan ng Simbahan, ang mga tao sa bawat lahi at etniko ay nabinyagan para sa layuning iyon at namuhay bilang matatapat na miyembro ng Simbahan.

Tumayo ang Unang Panguluhan sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 1978, nang nagkakaisang tinanggap ng mga miyembro ang Opisyal na Pahayag 2. Ang paghahayag tungkol sa priesthood ay nagpala sa mga pamilya at nagbigay-daan sa mga pagpapala ng templo. Dulong kanan: Naglalakad ang isang pamilya sa bakuran ng Accra Ghana Temple, isa sa walong templong ibinalita, na kasalukuyang itinatayo, o gumagana sa Africa.

LARAWAN NG UNANG PANGULUHAN NOONG 1978 SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY

Mula noong kalagitnaan ng 1800s, hindi inorden ng Simbahan ang mga lalaking may lahing itim na African sa priesthood o pinayagan ang mga lalaki o babaeng itim na makibahagi sa endowment o mga ordenansa ng pagbubuklod sa templo.[1] Walang nalalaman na mga talaang umiiral na nagpapaliwanag sa pinagmulan ng kaugalian, at binigyang-diin ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na anumang teoriyang ibinigay sa pagtatangkang ipaliwanag ang mga pagbabawal ay "kuwento-kuwento" na hindi dapat ipagpatuloy: "Gaano man kaganda ang intensyon ng mga paliwanag, palagay ko halos lahat ng ito ay hindi sapat at/o mali. . . . Hindi talaga natin alam kung bakit nakagawian . . . iyon."[2]

Maraming propeta at Pangulo ng Simbahan, kabilang na si Brigham Young, ang nangako na darating ang araw na lahat ng lalaking karapat-dapat ay tatanggap ng priesthood. Batid ang mga pangakong ito at nasaksihan ang katapatan ng mga miyembrong itim, ang mga pinuno ng Simbahan noong kalagitnaan ng ika-20 siglo ay "nagsumamo nang matagal at taimtim . . . na nagsusumamo sa Panginoon para sa banal na pagpatnubay."[3]

Paghahayag mula sa Diyos

Dumating ang patnubay na iyan kay Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985) "matapos ang mahabang pagninilay-nilay at panalangin sa mga banal na silid ng banal na templo." Kanyang dininig ang aming mga panalangin, at sa pamamagitan ng paghahayag ay pinagtibay na ang matagal nang ipinangakong araw ay sumapit na kung kailan ang bawat matapat, karapat-dapat na lalaki sa Simbahan ay maaaring matanggap ang banal na pagkasaserdote, na may kapangyarihang gamitin ang banal na karapatang ito, at tamasahing kasama ng kanyang mga minamahal ang lahat ng pagpapalang umaagos mula roon, kasama na ang mga pagpapala ng templo."[4]

Nang ibalita ang paghahayag, sinabi ng Unang Panguluhan, "Aming ipinahahayag nang may kahinahunan na ipinaalam ng Panginoon ngayon ang kanyang kalooban para sa pagpapala ng lahat ng kanyang mga anak sa lahat ng dako ng mundo."[5]

Nang sumunod na pangkalahatang kumperensya, inilahad ng Unang Panguluhan ang paghahayag sa mga miyembro ng Simbahan, na tinanggap ito bilang "salita at kalooban ng Panginoon" at nagkaisa silang sang-ayunan ang Opisyal na Pahayag 2 bilang bahagi ng mga banal na kasulatan.

Ang Resulta ng Paghahayag

Napakalaki ng epekto ng paghahayag. Hindi lamang naipaabot ng Diyos ang mga pagpapala ng priesthood at ng templo sa lahat ng karapat-dapat na miyembro anuman ang lahi, kundi maaari ding isagawa ang mga ordenansa sa templo para sa lahat ng taong nabuhay.

Dahil sa paghahayag dumating ang mga pagkakataong palawakin ang gawaing misyonero, at dumami ang mga miyembro sa maraming bansa, lahi, wika, at tao.

Mga Turo ng Simbahan

Habang patuloy ang gawain ng Panginoon sa iba't ibang panig ng mundo, nagtamasa ang mga miyembro ng

Nagtuturo ang isang binata sa isang quorum meeting sa Paris, France, kung saan karamihan sa mga ward ay may mga miyembro mula sa iba't ibang bansa sa buong mundo.

Simbahan ng isang panahon ng higit na pagkakaisa. Habang lalong nakikihalubilo ang mga miyembro ng Simbahan sa iba mula sa maraming nasyonalidad at kultura, binigyang-diin ng mga pinuno ng Simbahan ang kahalagahan ng pagmamahal at pagpapalakas sa isa't isa at pag-aalis ng anumang uri ng panghuhusga at pagkapoot sa lahi.

"Kailangan nating yakapin ang mga anak ng Diyos nang may habag at alisin ang anumang panghuhusga, pati na ang pagkapoot sa lahi, diskriminasyon sa kasarian, at nasyonalismo," pagtuturo ni Pangulong M. Russell Ballard, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Hayaang masabi na tunay tayong naniniwala na ang mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay para sa bawat anak ng Diyos."[6] Tungkol sa walang-hanggang pamilya ng Diyos, itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Pag-unawa lamang sa tunay na Pagkaama ng Diyos ang makapagdudulot ng lubos na pagpapahalaga sa tunay na kapatiran ng tao. Ang pag-unawang iyan ay nagbibigay-inspirasyon sa hangaring magkaisa sa halip na maghiwa-hiwalay."[7]

Pagsulong nang Magkasama

Bagama't hindi natin alam ang lahat, may ilang bagay na maaaring malaman ng bawat isa sa atin. Maaari nating malaman na mahal tayo ng Diyos at plano Niyang lahat tayo'y maging nagkakaisang walang-hanggang pamilya. Maaari nating malaman na ito ang ipinanumbalik na Simbahan ng Panginoon at na pinamumunuan Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Ang pagkakaroon ng sariling patotoo tungkol sa mga katotohanang ito ay makatutulong habang sama-sama tayong sumusulong sa pamamagitan ng mga oportunidad at hamong kinakaharap natin sa landas tungo sa pagiging katulad Niya (tingnan sa Moroni 7:48). ■

MGA TALA

1. Tingnan sa "Race and the Priesthood," Gospel Topics, topics.lds.org.
2. Sa "The Mormons" (interbyu kay Jeffrey R. Holland, Mar. 4, 2006), pbs.org/mormons/interviews; tingnan din sa Dallin H. Oaks, sa "Apostles Talk about Reasons for Lifting Ban," *Daily Herald,* Hunyo 5, 1988, 21.
3. Opisyal na Pahayag 2.
4. Opisyal na Pahayag 2.
5. Opisyal na Pahayag 2.
6. M. Russell Ballard, "Patuloy ang Paglalakbay!" *Liahona,* Nob. 2017, 106.
7. Russell M. Nelson, "Teach Us Tolerance and Love," *Ensign,* Mayo 1994, 70.

PAGHAHAYAG
PARA SA ATING PANAHON

Mga paggunita ng mga propeta at apostol tungkol sa paghahayag noong 1978

Paunawa ng patnugot: Si Pangulong Thomas S. Monson ang huling buhay na Apostol na nasa silid nang ihayag ng Diyos sa Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol na panahon na para ibigay ang mga pagpapala ng priesthood sa lahat ng karapat-dapat na miyembro anuman ang kanilang lahi. Narito ang ilang maiikling salaysay mula sa apat sa mga Kapatid na naroon noong araw na iyon.

Ang Paghahanap

Pangulong Spencer W. Kimball (1895–1985)
Ika-12 Pangulo ng Simbahan

"Araw-araw akong pumupuntang mag-isa sa mga silid sa itaas ng templo nang may lubos na kataimtiman, at iniaalay ko roon ang aking kaluluwa at iniaalay ang aking mga pagpupunyagi na maisulong [ang programa]. Nais kong gawin ang nais [ng Diyos]. . . .

"Nagkaroon kami ng maluwalhating karanasan nang malinaw na tukuyin ng Panginoon na dumating na ang panahon na ang lahat ng karapat-dapat na kalalakihan at kababaihan saanmang dako ay maaaring maging mga tagapagmana at bahagi ng buong pagpapala ng ebanghelyo. Gusto kong malaman ninyo, bilang natatanging saksi ng Tagapagligtas, na dama kong napakalapit ko sa kanya at sa ating Ama sa Langit sa marami kong pagbisita sa mga silid sa itaas ng templo, na mag-isang nagpupunta roon nang ilang araw nang maraming beses. Nilinaw sa akin ng Panginoon ang nararapat gawin."

***Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 282, 283.**

Ang Panalangin

Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018)
Ika-16 na Pangulo ng Simbahan

"Sa pagtatapos ng miting na kasama ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa, nagkaroon kami ng espesyal na panalangin sa altar [sa templo] kung saan si Pangulong Kimball ang umusal. Ipinagdasal niya sa Panginoon na bigyan sila ng kaliwanagan at kaalaman sa usaping ito na napakaraming maaapektuhan. Pinagmulan ng malaking kaaliwan sa mga Kapatid na marinig ang kanyang abang mga pagsamo nang humingi siya ng patnubay sa kanyang napakataas na tungkulin. . . .

"Ang Unang Panguluhan ay nagpasalamat kalaunan na 'ang diwa ng kapayapaan at pagkakaisa na umiral sa miting . . . ang pinakamaayos sa lahat at na ito [ay] katunayan na nalugod ang Panginoon sa aming talakayan.' . . .

". . . Isang sandali iyon ng malaking katuwaan, sapagkat narinig naming sinabi ng propeta ng Panginoon ang paghahayag ng Panginoon para sa panahong ito."

Sa Heidi S. Swinton, *To the Rescue: The Biography of Thomas S. Monson* (2010), 393.

Nagpapasa ng sakramento ang mga deacon sa Manaus, Brazil. Dahil sa paghahayag noong 1978, maaari nang mangasiwa sa mga ordenansa ng priesthood ang karapat-dapat na mga maytaglay ng priesthood anuman ang kanilang lahi.

Ang Paghahayag

Elder Bruce R. McConkie (1915–85)
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"Sa tulong at awa ng Panginoon, ibinuhos Niya ang Espiritu Santo sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa. . . . Dumating ang paghahayag sa pangulo ng Simbahan; dumating din ito sa bawat indibiduwal na naroon. Sampung miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa at tatlo sa Unang Panguluhan ang nagtipon doon. Ang resulta ay na alam ni Pangulong Kimball, at alam ng bawat isa sa atin, hindi ng sinumang ibang tao, sa pamamagitan ng tuwiran at personal na paghahayag sa atin, na dumating na ang panahon para ipaabot ang ebanghelyo at ang lahat ng pagpapala nito at ang lahat ng obligasyon nito, pati na ang priesthood at ang mga pagpapala ng bahay ng Panginoon, sa bawat bansa, kultura, at lahi, pati na ang lahing itim. Walang anumang pag-aalinlangan kung ano ang nangyari o dumating na salita at mensahe."

"All Are Alike unto God" (Brigham Young University devotional, Ago. 18, 1978), 4, speeches.byu.edu.

Ang Katiyakan

Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008)
Ika-15 Pangulo ng Simbahan

"Nagkaroon ng isang sagrado at pinabanal na diwa sa silid. Para sa akin, parang isang lagusan ang nagbukas sa pagitan ng luklukan ng langit at ng nakaluhod at nagsusumamong propeta ng Diyos na sinamahan ng kanyang mga Kapatid. Naroon ang Espiritu ng Diyos. At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay dumating ang katiyakan sa propetang iyon na tama ang bagay na ipinagdasal niya, na dumating na ang tamang panahon, at ngayon ang kamanghamanghang mga pagpapala ng priesthood ay dapat igawad sa karapat-dapat na mga lalaki anuman ang kanilang lahi.

"Bawat lalaki sa bilog na iyon, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, ay nalaman lahat ang bagay na iyon. . . .

". . . Wala ni isa sa amin na naroon sa kaganapang iyon ang naging tulad ng dati pagkatapos noon. Kahit ang Simbahan ay di na tulad ng dati."

"Priesthood Restoration," *Ensign,* Okt. 1988, 70.

Pakinggan ang paggunita nina Pangulong Kimball at Pangulong Hinckley sa kanilang karanasan sa paghahayag na ito sa **lds.org/go/061816.**

Ni Elder Edward Dube
Ng Pitumpu

PINAGPALA SA **LAHAT NG PARAAN** NA POSIBLE

Kaylaki ng pagpapala ng paghahayag sa akin, sa pamilya ko, at sa Simbahan sa Africa.

Paunawa ng patnugot: Kahit matapos alisin ng paghahayag noong 1978 ang mga pagbabawal kung sino ang maaaring magtaglay ng priesthood, hinangad ng maraming miyembro na maunawaan kung bakit nga ba tinulutan ng Diyos ang mga pagbabawal na iyon sa simula pa lang. Dito, ibinahagi ni Elder Dube ang kanyang personal na karanasan sa tanong na ito.

Nang una kong mabalitaan ang pagbabawal sa mga lalaking itim na magtaglay ng priesthood, nasa misyon ako. Nabinyagan ako noong 1984, nang matapos na ang pagbabawal. Makalipas ang dalawang taon tinawag akong maglingkod sa South Africa Johannesburg Mission.

Habang naka-assign sa Bulawayo, Zimbabwe, binisita namin ng kompanyon kong si Elder Francis Jack ang isang di-gaanong aktibong miyembrong babae. Ang asawa nito ay isang theological professor sa ibang simbahan. Tinanong niya kami kung bakit ipinagkait ang priesthood sa mga lalaking may lahing itim na African. Marami siyang sinabi na nakabagabag sa akin—mga bagay na noon ko lang narinig. Paglabas ko ng silid na iyon, pakiramdam ko'y napakahamak ko at labis akong pinanghinaan ng loob.

Nagbisikleta kami ni Elder Jack pabalik sa apartment namin nang walang imikan. Pagdating namin doon, tiningnan niya ako at sinabing, "Elder Dube, ano'ng nangyari sa iyo? Parang masyado kang naguguluhan."

Hindi mo ba narinig ang sinabi niya?" sagot ko "Paano ito nangyari?"

"Elder, naniniwala ka ba na ang Ama sa Langit at si Jesucristo ay nagpakita sa batang si Joseph?"

"Oo," sabi ko. "Pero ano ang kinalaman niyon dito?"

"Lahat ng iyon ay may kinalaman dito," sagot ni Elder Jack. "Naniniwala tayo sa paghahayag, 'di ba?"

Pinag-isipan ko ang sinabi niya at ng propesor. Nang gabing iyon nagising ako sa hatinggabi. Masaya ako at payapa.

Ang sagot sa bawat tanong tungkol sa ebanghelyo ay may kaugnayan sa nangyari noong 1820. Ang pagkaalam na nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo kay Joseph Smith ay nangangahulugan na siya ay isang propeta at na ito ang Simbahan ng Panginoon. Kung nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa batang si Joseph, lahat ng alituntunin ng ebanghelyo at mga tanong ay may katuturan. Ito ay isang simbahan ng paghahayag, at inihahayag ng Panginoon ang ilang proseso sa ilang pagkakataon sa Kanyang mga lingkod, na mga propeta, at iyan ang naghatid ng kapayapaan sa akin.

Nagsimula akong magtatalon at nagising ang kompanyon ko sa kasisigaw ng, "Tama, tama! Tama ka, Elder Jack! Nagpakita ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa batang si Joseph! Ito ang Simbahan ng Panginoon!"

Ang pag-aalis ng pagbabawal na ito ay naging pagpapala sa mga miyembro sa buong Africa. Ako at ang pamilya ko ay napagpala ng priesthood sa lahat ng paraan na posible. Nagkaroon ako ng matinding lakas sa pagkakaroon ng mga pagpapala ng templo, ng pagpapalang malaman na magkakasama-sama tayo bilang mga pamilya sa kawalang-hanggan.

Ang pagkakaroon ng priesthood ay nagpala sa Africa. Masaya at positibo na ang mga tao rito, ngunit nakaragdag dito ang ebanghelyo. Ang mga pamilya ay napakahalaga sa Africa. Kaya ang templo ay itinuturing na malaking pagpapala. Napakabilis ng paglago ng Simbahan dito.

Nakikinig ang mga miyembro dito sa kalooban ng Diyos at humahayo kami at sinusunod ito. Napagpala nito ang mga miyembro. Noong panahon na 90 porsiyento ang walang trabaho sa ilang lugar sa Africa, tila maayos ang kalagayan ng ating mga miyembro dahil sila ay self-reliant. Ang priesthood at patnubay mula sa mga lider ng priesthood ay nagpala sa amin.

Nagpapasalamat ako sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pagkakataong magtaglay ng priesthood, sa pagpapala nito sa aking buhay, at kung paano nito napagpala ang mga miyembro sa buong kontinente ng Africa. ■

Si Elder Edward Dube ay isinilang sa Zimbabwe, at sila ng kanyang asawang si Naume ay may apat na anak.

Dumalo ang mga kabataan sa templo sa Preston, England. Matapos ang paghahayag noong 1978, naisasagawa na ang mga ordenansa sa templo para sa lahat ng taong nabuhay sa mundo.

BINIGYAN NG **MALAKING RESPETO** ANG PRIESTHOOD

Ni Charlotte Acquah

Paano napagpala ng paghahayag noong 1978 ang aming pamilya.

Paunawa ng patnugot: Ang mga epekto ng paghahayag ay naging higit pa sa pag-aalok ng ordinasyon sa priesthood sa karapat-dapat na mga lalaki sa lahat ng lahi. Ipinarating nito ang lahat ng pagpapala ng priesthood sa lahat ng tao, pati na ang mga pribilehiyo at obligasyon ng mga ordenansa sa templo at mga tipan. Tinalakay ni Charlotte Acquah, isa sa mga unang miyembro ng Simbahan sa Ghana, ang mga paraan na napagpala ng paghahayag na ito ang kanyang buong pamilya, pati na ang pagsaksi sa opisyal na pagtatatag ng Simbahan sa Africa, pagkakaroon ng isang priesthood holder sa kanyang tahanan, at pagkabuklod ng kanilang pamilya sa templo.

Una kong narinig ang tungkol sa Simbahan nang sumama ang aking ina sa grupo ni Brother Joseph W. B. Johnson noong 1968.[1] Mga 10 taong gulang ako noon. Ang negosyo ng aking ama ay tinanggihan dahil sa coup d'état noong 1966, at dumaranas ng hirap ang pamilya noon. Kaya naisip ng aking ina na makabubuting humingi ng espirituwal na tulong.

Bago ang paghahayag noong 1978, hindi pa pormal ang Simbahan dahil hindi pa nabibigyan ng priesthood ang mga lalaking itim. Pagkatapos ng paghahayag, maaari nang itatag ang Simbahan nang may awtoridad ng priesthood. Nabinyagan ako noong ika-24 ng Pebrero 1979.[2]

Inabot ng dalawang taon ang pag-aaral ng asawa ko—at kaunting pakikipagtalo—bago sumapi sa Simbahan. Sa wakas ay nabinyagan din siya noong 1980, at nabigyan siya ng priesthood. Naging napakahinahon niyang tao, kaya hindi makapaniwala ang sarili niyang mga kapamilya sa laki ng kanyang ipinagbago. Maingat siya sa priesthood na taglay niya at para matiyak din na palagi niyang ginagawa ang tama sa harap ng Panginoon. Kung wala ang priesthood, minabuti na raw sana niyang tumanggap ng mga papuri at kaluguran ng tao. Ngunit sa priesthood, nalaman niya na ang mga bagay na pinakamahalaga ay ang pagsasama ninyong magasawa, ang inyong tahanan, inyong pamilya, at paglilingkod sa iba.

Sa aming bahagi ng mundo, kung ikaw ang ama, kailangang mangyari ang sinasabi mo. Ngunit hindi natin ginagamit ang priesthood sa ganyang paraan. Nagpupulong tayo sa family council. Ipinapaunawa ng mga ama sa kanilang asawa't mga anak na ang itinuturo niya sa kanila ay tama.

Ang kalalakihang miyembro ng Simbahan ay naglilingkod sa kanilang asawa sa halip na ang kanilang asawa ang maglingkod sa kanila. Dahil dito ay nagmamahalan sila at hindi sila nag-aaway.

Una ko siyang nakitang nagbasbas ng sakramento noong magkaroon ng "freeze" dahil idinaos namin ang aming sacrament meeting sa bahay namin.[3] Tuwangtuwa kami nang magtaglay siya ng priesthood noong panahong iyon. Walang nagpunta sa bahay para

magbasbas ng sakramento para sa amin; siya ang gumawa niyon. Espesyal iyon at gustung-gusto namin iyon.

Nang una akong makabasa ng literatura na hindi pinapayagang magtaglay ng priesthood ang mga itim ay noong may "freeze," nang magsimulang pumasok ang mga babasahing anti-Mormon sa bayan. Hindi ako gaanong nabahala tungkol dito dahil alam ko na ang Simbahan ay totoo. Tinuturuan tayong huwag sumandig sa sinuman kundi ituon ang ating buhay kay Jesucristo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Kaya doon nga nakatuon ang aking pananampalataya.

Noong ika-17 ng Disyembre 1996, nakapunta kami sa Johannesburg South Africa Temple. Natuwa ako, lalo na nang marinig ko na ang aming panganay na anak, isang batang lalaki na namatay pagkaraan lamang ng ilang araw, ay mabubuklod sa amin. Akala ko patay na siya at wala na, kahit alam ko na siya ay walang-sala. Ngunit ang mabuklod siya sa amin ay isang espirituwal na karanasang hinding-hindi ko malilimutan.

Kaya kapag tinatanong ako ng mga tao kung ilan ang anak namin, sinasabi ko sa kanila na walo ang anak namin. Itinatanong nila, "Paano?" Sinasabi ko, "Oo, naghihintay sa amin ang una, kaya nasa amin na kung susundin namin ang mga utos ng Diyos at ipamumuhay ang mga ito para makabalik kami at magkasama-sama bilang pamilya."

Ang priesthood ay ang kapangyarihan ng Diyos. Napakarami ko nang natanggap na pagpapala mula sa priesthood. Lagi akong nagagalak at sumisigla kapag humihingi ng priesthood blessing ang mga bata sa kanilang ama. Sa gayo'y alam ko na nagtitiwala sila sa kanya at tiwala sila na kumikilos ang Ama sa Langit sa pamamagitan ng kanilang ama, na maytaglay ng priesthood. Malaki ang respeto namin sa priesthood sa aming tahanan. Ngayo'y may asawa na ang tatlo sa aming mga anak, at ginagamit nila ang priesthood sa kanilang pamilya.

Alam ko na ang priesthood ay totoo dahil ito ang kapangyarihan ng Diyos, at ito ay isang buhay na kapangyarihan dahil ang Ama sa Langit ay buhay. Ibinigay Niya ang bahagi ng kapangyarihang iyon sa Kanyang mga anak na lalaki sa lupa. Tayong mga babae ay may bahagi sa priesthood. Malaki ang respeto ko rito. Nakatulong ang priesthood sa aming pamilya at patuloy nitong ginagawa iyon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Central Region, Ghana.

MGA TALA

1. Noong kalagitnaan ng 1960s sa Ghana, si Joseph William Billy Johnson ay tumanggap ng mga kopya ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas at iyon ang nagtulak sa kanya na magtatag ng di-opisyal na mga kongregasyon ng Simbahan.
2. Opisyal na nagpadala ng mga missionary sa Ghana sa unang pagkakataon noong Nobyembre 1978.
3. Noong Hunyo 14, 1989, pinatalsik ng pamahalaan ng Ghana ang mga missionary at ipinagbawal ang Simbahan ngunit pinayagan ang mga miyembro na magdaos ng mga serbisyo sa kanilang mga tahanan. Pagkaraan ng labingwalong buwan nagpahayag ng kasiyahan ang pamahalaan na itinuturo ng Simbahan sa mga miyembro na sumunod sa mga batas ng pamahalaan at itinataguyod ang pagkakasundo ng lahi, at noong Disyembre 1, 1990, pinahintulutan ng Ghana na mabalik ang mga aktibidad ng Simbahan.

TUKLASIN ANG IBA PA ONLINE

- Para sa mas malalim na pag-aaral, basahin ang Gospel Topics essay na "Race and the Priesthood" sa **topics.lds.org.**
- Basahin ang magagandang karanasan ng ilang miyembrong itim na ang personal na mga salaysay ay nagpapakita kung paano naapektuhan ng paghahayag noong 1978 ang kanilang buhay at pagbabalik-loob:
  - —Charlotte at William Acquah (Ghana), Helvécio at Rudá Martins (Brazil), at Joseph at Toe Freeman (USA) sa "Witnessing the Faithfulness: Official Declaration 2" sa **lds.org/go/061820a.**
  - —George Rickford (England) sa "I Will Take It in Faith" sa **lds.org/go/061820b.**
  - —Victor Nugent (Jamaica) sa "It Was the Truth!" sa **lds.org/go/061820c.**
- Tingnan ang mga larawan at maikling video ng mga unang missionary sa West Africa na nakatagpo ng daan-daan na handa na para mabinyagan sa **lds.org/go/061820f.**

Impluwensya ng Isang Matwid na Ama

Sa pagbaling sa matwid na mga lalaking itinuring kong ama at sa aking Ama sa Langit, nalaman ko kung ano ang pagiging tunay na ama.

Ni Megan Warren

Habang lumalaki ako, wala akong ama sa lupa sa buhay ko para maging pamilyar ako sa klase o uri ng pagmamahal ng aking Ama sa Langit para sa akin. Sa halip, inobserbahan ko ang iba pang mga lalaking kinakitaan ng Kanyang pagmamahal at naging mga halimbawa ng pagiging tunay na ama. Itinuro ni Pangulong James E. Faust (1920–2007), Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, "Nagbibigay-sulyap sa atin ang marangal na pagkaama sa mga banal na katangian ng ating Ama sa Langit."[1] Sa pamamagitan ng mga halimbawa ng maraming lalaking itinuring kong ama, pati na ng mga kamag-anak, pinuno ng Simbahan, mabubuting lalaki sa mga banal na kasulatan, at pati na ng masisigasig na home teacher, nalaman ko ang tungkol sa mga katangian ng Ama sa Langit at ang mararangal na katangian na maaaring taglayin ng mga ama sa lupa upang tularan Siya. Kalaunan ang sakit ng kalooban na nadama ko sa kawalan ko ng ama sa lupa ay nagawa kong kagalakan dahil sa malapit na kaugnayang maaari kong buuin sa aking Ama sa Langit.

Matatag at Sumusuporta

Ang ating Ama sa Langit ay hindi nagbabago. Nababasa natin na Siya ay "siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman" (Mormon 9:9). Naobserbahan ko na sinusunod ng mararangal na magulang ang halimbawa ng pagiging matatag ng Ama sa Langit. Ang isang marangal na ama ay tumutupad sa kanyang sinasabi sa lahat ng bagay. Nauunawaan niya na ang hindi pagbabago ay nagpapadama ng seguridad at pagmamahal sa kanyang mga anak, at naroroon siya sa mga oras ng kagipitan at kagalakan.

LARAWAN NG AWTOR KASAMA ANG KANYANG ASAWA AT ANAK NA KUHA NI JESSE WARREN

Nauunawaan din ng ating Ama sa Langit ang klase ng pagsisikap na kailangan para maging karapat-dapat na makapiling Siya magpasawalang-hanggan. Kilala Niya ang bawat isa sa atin sa pangalan, at hinahayaan Niya tayong magkaroon ng mga pagsubok para dalisayin tayo. Ang isang marangal na ama sa lupa ay hinahayaan ding mahirapan ang kanyang mga anak paminsan-minsan dahil alam niya na ang mga hamon ay nagbibigay ng mga pagkakataong lumago.

Ang aking asawa ay isang mahusay na martial artist. Tinuruan siya ng kanyang ama at madalas niyang ikinukuwento na mas mahigpit ang kanyang ama sa kanya kaysa sa ibang mga estudyante. Ang pagdisiplina ng kanyang ama ay nagpalakas sa kanya at tinulungan siyang umunlad nang mas mabilis. Tulad ng ating Ama sa Langit, hinihikayat ng mararangal na ama sa lupa ang kanilang mga anak na gawin ang kanilang makakaya habang nagbibigay ng lakas, pagmamahal, at suporta.

"Mga Gawa na Walang Katapusan"

Ang gawain ng ating Ama sa Langit ay walang hanggan at walang katapusan (tingnan sa Alma 12:25–33). Sa gayon ding paraan, ang gawain ng isang marangal na ama sa lupa ay wala ring katapusan. Ang mararangal na ama ay patuloy na gumagawa ng mabubuting gawa at nagsisikap para sa kabutihan. Sila ay tunay at tapat sa kanilang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Isinasantabi nila ang mga makasariling hangarin para sa kabutihan ng kanilang pamilya. Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," itinuro na ng mga buhay na propeta na "sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak."[2] Kabilang dito hindi lamang ang pisikal na proteksyon kundi pati na ang espirituwal na proteksyon. Ang mararangal na ama ay namumuno sa pamamagitan ng halimbawa at minamahal at pinapayuhan ang kanilang mga anak. Nagbababala rin sila laban sa espirituwal na panganib kapag kailangan.

Isang Nagbibigay-Kakayahang Salaysay ng Pamilya

Sa kanyang artikulo sa *New York Times* na "The Stories That Bind Us," nagbigay ng buod ng mga pag-aaral si Bruce Feiler tungkol sa pagkasira ng pamilya. Sa mga pag-aaral na ito, nalaman ng mga psychologist na ang mga batang nagpamalas ng pinakamalaking katatagan ay nalantad sa isang nagbibigay-kakayahang salaysay ng pamilya, na nagpadama sa kanila na sila ay kabilang sa isang bagay na mas malaki. "Kung gusto mo ng mas masayang pamilya," sabi ni Feiler, "buuin, pinuhin at muling isalaysay ang kuwento ng mga positibong sandali ng inyong pamilya at ang kakayahan mong makaraos mula sa mas mahihirap na sandali. Sa paggawa lang niyon, madaragdagan ang posibilidad na tatagal ang inyong pamilya sa maraming henerasyong darating."[3]

May isang halimbawa nito na makikita sa Moises 1. Si Moises ay binigyang-kapangyarihan ng kanyang kaalaman tungkol sa plano ng Diyos at sa sarili niyang banal na pagkatao. Nang tuksuhin siya ni Satanas, matatag na sumagot si Moises, "Sino ka? Sapagkat masdan, ako ay anak ng Diyos, na kawangis ng kanyang Bugtong na Anak; at nasaan ang iyong kaluwalhatian, na dapat kitang sambahin?" (Moises 1:13). Pagkatapos ay nagkaroon pa si Moises ng lakas-ng-loob na utusan si Satanas na lumayas.

Ang mararangal na ama sa lupa ay binibigyang-kakayahan ang kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanila tungkol sa kanilang banal na pagkatao bilang mga espiritung anak ng Diyos. Tumutulong silang magbuo ng matatag na pamilya sa pamamagitan ng kanilang mabubuting halimbawa at tinitiyak nila na nakikibahagi rito ang kanilang mga anak. Binibigyan nito ang kanilang mga anak ng matinding layunin sa buhay at ng tiwalang magtagumpay.

Paghahanap ng Isang Marangal na Asawa

Noong nakikipagdeyt ako, naghanap ako ng asawa na makakasama sa walang-hanggan na magiging marangal na ama. Dahil lumaki ako nang walang gayong halimbawa noong bata pa ako, mas mahirap para sa akin na malaman ang lahat ng katangiang dapat taglayin ng isang marangal na ama sa lupa. Nalungkot ako sa patriarchal blessing ko dahil walang detalyadong tagubilin doon tungkol sa taong gusto ng Ama sa Langit na pakasalan ko. Sabi lang doon dapat akong maghanap ng isang taong magdadala sa akin sa templo. Ngunit kahit ang tila simpleng tagubiling ito ay nagkaroon ng hamon. Bagama't nagkaroon ako ng ilang magagandang karanasan sa pakikipagdeyt, madalas akong mag-alala na wala talagang gayong tao o talagang tadhana kong dumanas ng walang-katapusang mga pagsubok sa pag-ibig.

Sa kabila ng pag-aalala ko dahil sa aking mga karanasan, patuloy kong ipinagdasal na makatagpo ako ng mapapangasawa na magiging mabuting ama sa aking mga anak, na magmamahal sa kanila at palagi nilang makakasama. Tulad ng matapat kong ina, alam ko na anuman ang mangyari, makasasandig ako sa aking Amang Walang Hanggan para sa suporta.

Laking gulat at tuwa ko nang masagot ang aking mga dalangin ayon sa perpektong takdang panahon ng Ama sa Langit. Naging lunas sa akin ang mamasdan ang mapagmahal na halimbawa ng aking asawa sa kung ano dapat ang isang ama. Nagpapasalamat ako na sinusunod niya ang mga halimbawang ipinakita ng mga propeta at apostol at na pinipili niya akong pahalagahan at mahalin sa

Isang watercolor ng asawa't anak na babae ng awtor na ipininta niya mismo. Nagkainspirasyon siyang magpaturo ng sining sa kanyang home teacher—isa sa mga lalaki sa kanyang buhay na itinuring niyang ama.

hindi makasariling paraan. Ang kanyang halimbawa bilang mapagmahal na asawa ay nagpapala din sa aming mga anak. Puspos ng pasasalamat ang puso ko sa kanyang katapatan sa kabila ng mga pagsubok, sa halimbawa ng kanyang kasipagan; sa kanyang pagkamarapat na gamitin ang priesthood, at sa dalisay at matibay na pagmamahal na ipinapamalas niya bilang isang bata pang ama.

Ang mga Ama sa Ating Paligid

Walang hangganan ang impluwensya ng isang lalaki na nauunawaan, gaya ni Moises, kung sino siya. Itinuro ni Sister Sheri Dew, dating Pangalawang Tagapayo sa Relief Society General Presidency, na lahat ng kababaihang nangangalaga ay gumaganap sa tungkulin ng ina, kahit hindi pa sila ina. "*Lahat tayo'y mga ina sa Israel,*" pagpapatotoo niya, "at tungkulin nating mahalin at [akayin ang] bagong salinlahi sa mapanganib na landas ng mortalidad."[4] Ang kalalakihan na mabubuting halimbawa ay gumaganap sa tungkulin ng mga ama sa Israel, at ang kanilang mabubuting halimbawa ay makakaimpluwensya hindi lamang sa kanilang sariling pamilya kundi maging sa iba.

Pagkatapos ng mga hamon ng aking kabataan, tiwala ako na alam ng Ama sa Langit ang mismong kailangan ko para mapagtiwalaan ko ang aking walang-hanggang kabiyak. Naglagay Siya ng maraming matitibay na halimbawa ng pagiging ama sa buhay ko. Kabilang dito ang aking matwid na lolo, na nagmahal sa Panginoon, at ang isang masigasig na home teacher na—dahil nauunawaan ang mga limitasyon sa kabuhayan ng aking pamilya—tinanggap ako bilang estudyante sa kanyang art studio at binigyan ako ng inspirasyon na sundan ang kanyang mga yapak bilang propesyonal. Noong dalaga pa ako, pinagaling din ako ng Diyos sa pamamagitan ng di-inaasahang biyayang magkaroon ng isang matwid na amain, na nagpasensya sa aking pag-aatubiling magtiwala sa isang lalaking itinuring kong ama na patuloy na nagpakita sa akin ng kabaitan.

Sa pamamagitan ng mabuting impluwensya ng mga lalaking ito na itinuring kong ama, nakahanap ako ng pag-asa, lunas, at kagalakan. Nagpapasalamat ako sa lahat ng lalaking sumusunod sa halimbawang ipinakita ng ating Ama sa Langit at nagsisikap na maging mga halimbawa ng pagiging marangal na ama. ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

MGA TALA

1. James E. Faust, "Yaong mga Nagpaparangal sa Akin ay Aking Pararangalin," *Liahona,* Hulyo 2001, 54.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
3. Bruce Feiler, "The Stories That Bind Us," *New York Times,* Mar. 15, 2013, nytimes.com.
4. Sheri L. Dew, "Hindi Nga Ba Lahat Tayo'y mga Ina?" *Liahona,* Ene. 2002, 113.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"PAGPASAN NG mga Pasanin ng Isa't Isa"

Mula sa isang mensaheng ibinigay sa mga empleyado ng LDS Family Services noong Hunyo 2017. Iniangkop ni Elder Holland ang bersyon na ito para sa mas maraming tagapakinig.

Isinulat ni Apostol Pedro na ang mga disipulo ni Jesucristo ay dapat maging "madamayin" (I Ni Pedro 3:8). Marami sa inyo ang tumutupad sa kautusang iyan nang marangal at kahanga-hanga sa araw-araw ng inyong buhay. Siyempre, ang pangangailangan sa habag ay malaki ngayon katulad ng dati. Ipinahihiwatig ng kasalukuyang datos na may humigit-kumulang isa sa limang matatanda sa Estados Unidos (43.8 milyong katao) ang nagkakaroon ng karamdaman sa pag-iisip taun-taon.[1] Laganap ang pornograpiya, na ang isang website ay binibisita ng mahigit 23 bilyong beses noong 2016 lang.[2] "[Mabilis] ang pagbaba ng bilang ng mga sambahayan sa Estados Unidos na magkasama ang mga magulang habang tumataas naman ang bilang ng mga nagdidiborsyo, . . . nagsasama nang hindi kasal, [at mga isinisilang sa mga magulang na hindi kasal]. . . . Ngayon, apat-sa-sampung isinisilang ay sa mga babaeng walang asawa o nakikisama sa isang lalaki nang hindi kasal."[3]

Para matawag na mga tao ng Tagapagligtas at makatayo sa Kanyang Simbahan, kailangan tayong maging "handang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan; oo, at [maging] handang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati; oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay" (Mosias 18:8–9).

Para sa akin, ang pagpasan ng pasanin ng iba ay isang simple ngunit mabisang pakahulugan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Kapag hinangad nating pagaanin ang pasanin ng iba, tayo ay "mga tagapagligtas . . . sa bundok ng Sion"



Maaaring hindi natin mabago ang paglalakbay, ngunit maaari nating siguruhin na walang maglalakbay nang mag-isa. Siguradong iyan ang kahulugan ng magpasan ng mga pasanin ng isa't isa.

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES DETALYE MULA SA *CHRIST AND THE PALSIED MAN*, NI J. KIRK RICHARDS

Kapag hinangad nating pagaanin ang pasanin ng iba, tayo ay "mga tagapagligtas . . . sa bundok ng Sion"—simboliko nating inaayon ang ating sarili sa Manunubos ng daigdig at sa Kanyang Pagbabayad-sala.

(Obadias 1:21). Simboliko nating iniaayon ang ating sarili sa Manunubos ng daigdig at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Tayo ay "[nagpapagaling] ng mga bagbag na puso, . . . [nagtatanyag] ng kalayaan sa mga bihag, at . . . [nagbubukas] ng bilangguan sa nangabibilanggo" (Isaias 61:1).

Banal na Pagdamay

Pag-usapan natin sandali ang Pagbabayad-sala ni Cristo. Kung tama ang pagkaunawa ko sa doktrina, sa pagdanas ng Pagbabayad-sala, naranasan ni Jesucristo—at pinasan—ang mga kasalanan at kalungkutan at problema at luha ng buong sangkatauhan, mula kina Adan at Eva hanggang sa katapusan ng mundo. Dito, hindi talaga Siya ang mismong nagkasala, ngunit nadama Niya ang sakit at kinahinatnan ng mga dumanas nito. Hindi Niya personal na naranasan ang pagkasira ng pagsasama ng mag-asawa, ngunit nadama Niya ang sakit at kinahinatnan ng mga dumaranas nito. Hindi Niya personal na naranasang magahasa o magkaroon ng schizophrenia o kanser o mawalan ng anak, ngunit nadama Niya ang sakit at kinahinatnan ng mga dumaranas nito, at kung anu-ano pang iba't ibang mga pasanin at kasawian sa buhay.

Ang pananaw na iyon kung paano gumagana ang Pagbabayad-sala ay nagpapahiwatig ng isang tunay na banal na halimbawa ng *pagdamay* na alam ng mundo. Malinaw na walang salitang nagpapaliwanag nang sapat sa pinakamahalagang nagawa sa sansinukob, ngunit ngayo'y wala akong mas magandang panghalili, kaya iyan ang gagamitin ko.

Ang ibig sabihin ng *pagdamay* ay "pagunawa . . . at pagdanas ng mga damdamin, ideya, at karanasan ng ibang tao sa nakaraan man o sa kasalukuyan."[4]

Tulad ng nabanggit, totoong magandang pahayag iyan tungkol sa proseso ng pagbabayad-sala, lalo na kung idaragdag natin ang "kinabukasan" sa "nakaraan" at "ngayon."

Alam nating lahat na napakarami sa mga anak ng Diyos ang nagdurusa nang tahimik at mag-isa. Gawin nating halimbawa ang isang kabataang lalaking sumulat sa akin ng napakagandang liham na nagpapahayag ng kanyang patotoo ngunit pagkatapos ay idinagdag na nalulungkot siya dahil wala siyang nakikitang anumang katuparan o kagalakan sa hinaharap para sa kanya bilang isang taong naaakit sa kapwa niya lalaki:

"Humaharap ako sa isang buhay na malulungkot ang gabi at mapapanglaw ang umaga. Palagi akong dumadalo sa aming YSA ward at bawat linggo ay umaalis ako ng Simbahan na batid na hindi talaga ako makakabilang. Hindi ko kailanman tuturuan ang anak kong lalaki na magbisikleta. Hindi ko kailanman madarama ang paghawak ng anak kong babae sa daliri ko habang nag-aaral siyang lumakad. Hindi ako kailanman magkakaroon ng mga apo.

"Uuwi ako sa isang bahay na walang tao, araw-araw, buwan-buwan, deka-dekada, na pinatatatag lamang ng aking pag-asa kay Cristo. Kung minsan ay iniisip ko kung bakit Niya gagawin ito sa akin at bakit Niya ako pinagagawa ng napaka-imposibleng sakripisyo. Umiiyak ako sa gabi kapag walang nakakakita. Hindi ko pa sinasabi kaninuman, kahit sa mga magulang ko. Itatakwil nila ako at ng aking mga kaibigan . . . kapag nalaman nila, tulad noong itakwil nila ang lahat ng taong gayon bago ako nagkagayon. Maiiba sa lahat ang buhay ko. May opsiyon akong maging maligalig at iwasan ng iba dahil wala akong asawa, o kaawaan at hindi pansinin kapag sinabi ko ang dahilan. Mukhang magiging miserable ako habambuhay. Wala bagang balsamo sa Galaad?"[5]

Sa labis na sakit at kalungkutan, labis na kawalan ng pag-asa, ang isang bagay na siguradong dapat nating subukang ibigay sa

DETALYE MULA SA *BABAING GUMALING*, NI J. KIRK RICHARDS

isang taong nasa gayong katayuan ay ang muling tiyakin na hindi siya nag-iisa. Dapat tayong maging matatag sa pagbibigay-diin na kasama niya ang Diyos, kasama niya ang mga anghel, at kasama niya tayo.

Pagdamay. Mukhang kulang, ngunit puwede nang maging simula. Maaaring hindi natin mabago ang paglalakbay, ngunit maaari nating siguruhin na walang maglalakbay nang mag-isa. Siguradong iyan ang kahulugan ng magpasan ng mga pasanin ng isa't isa—ito *ang* mga pasanin. At sino ang nakakaalam kung kailan o kung mapagagaan ang mga pasaning ito sa mortalidad. Ngunit maaari tayong sama-samang maglakad at maghati-hati sa bigat. Mapagagaan natin ang mga pasanin ng ating mga kapatid tulad ng pagpapagaan ni Jesucristo sa ating mga pasanin (tingnan sa Alma 7:11–13).

At sa pamamagitan ng lahat ng ito, tiyak na nagkakaroon tayo ng bago at mas magandang pagpapahalaga sa ginagawa ng Tagapagligtas sa huli para sa atin. Tulad ng sinabi ko noon:

"Sa pagpupunyaging magkaroon ng kaunting kapayapaan at pag-unawa sa mahihirap na bagay na ito, mahalagang tandaan na nabubuhay tayo—at pinili nating mabuhay—sa isang mundong puno ng kasalanan kung saan dahil sa mga banal na layunin ay paulit-ulit na susubukan at patutunayan ang ating pagsisikap na maging banal. Ang malaking katiyakan sa plano ng Diyos ay ang ipinangakong isang Tagapagligtas, isang Manunubos, na sa pamamagitan ng pananampalataya natin sa Kanya ay matagumpay nating malalagpasan ang mga pagsubok na iyon, bagama't hindi lubos na maaarok ng isipan natin ang Ama na nagsugo sa Kanya at ang Anak na pumarito. Tanging sa pagpapahalaga sa banal na pagmamahal na ito natin makakayanan ang mas magaan nating pagdurusa, pagkatapos ay mauunawaan na natin ito, at sa huli ay matutubos tayo."[6]

Mabilis nating natututuhan na ang ating pinakamahusay at di-makasariling mga serbisyo ay kadalasang hindi sapat para maaliw o mapalakas ang loob ng mga tao sa para-ang kailangan nila. O kung nagtagumpay tayong minsan, kadalasa'y tila hindi na natin makayang ulitin ito. Hindi rin naman tayo mga superhero para maiwasan na magalit ang mga taong mahal natin. Ito ang dahilan kaya tayo kailangang bumaling kay Jesucristo sa huli at umasa sa Kanya (tingnan sa 2 Nephi 9:21).

Kadalasa'y hindi tayo makatulong—o hindi man lang tayo makatulong nang tuluy-tuloy o hindi natin ito maulit kapag kung minsa'y nagtatagumpay nga tayo. Ngunit makatutulong si Cristo. Makatutulong ang Diyos Ama. Makatutulong ang Espiritu Santo, at kailangan nating patuloy na sikapin na maging Kanilang mga kinatawan, na tumutulong kung kailan at saan maaari.

Muling Patibayin ang Inyong Sarili

Para sa inyo na masigasig ang hangaring magpasan ng mga pasanin ng iba, mahalagang muling patibayin ang



Ang pagliling-kod na ibinibi-gay natin kapag nagpapasan tayo ng mga pasanin ng iba ay napakaha-laga—literal na gawain ng Panginoon.

inyong sarili at patatagin ang inyong sarili kapag malaki ang inaasahan sa inyo ng iba at talagang pipigain nila kayo. Walang sinumang napakalakas na hindi sila kailanman napapagod o naiinis o kumikilala sa pangangailangang pangalagaan ang kanilang sarili. Tiyak na naranasan ni Jesus ang pagod na iyan, nadama ang pagkaubos ng Kanyang lakas. Nagbigay Siya nang nagbigay, ngunit may kapalit na halaga iyon, at nadama Niya ang mga epekto ng napakaraming umaasa sa Kanya. Nang hipuin Siya ng babaeng inaagasan ng dugo sa karamihan ng mga tao, pinagaling Niya ito, ngunit sinabi rin Niya "na may umalis na bisa sa kaniya" (tingnan sa Marcos 5:25–34).

Noon pa man ay namamangha na ako na nakakatulog Siya sa gitna ng bagyo sa Dagat ng Galilea na napakalakas at napakatindi kaya inakala ng Kanyang mga disipulong mahuhusay na mangingisda na lulubog ang barko. Pagod na pagod siguro Siya. Ilang sermon ang maibibigay ninyo at ilang basbas ang magagawa ninyo nang hindi kayo lubos na napapagod? Kailangan din namang alagaan ang mga tagapag-alaga. Kailangang mayroong gasolina ang tangke bago ninyo ito maibigay sa iba.

Sinabi minsan ni Rosalynn Carter, board president ng Rosalynn Carter Institute for Caregiving, "May apat na klase lang ng mga tao sa mundong ito: ang mga naging tagapag-alaga, ang mga kasalukuyang tagapag-alaga, ang mga magiging tagapag-alaga, at ang mga mangangailangan ng tagapag-alaga."[7]

Malinaw na "ang kaugnayan ng tagapag-alaga sa inaalagaan ay [seryoso, at] sagrado pa nga."[8] Gayunman, habang dinaranas natin ang hamon na magpasan ng mga pasanin ng isa't isa, naaalala natin na walang sinuman sa atin ang hindi tatablan ng epekto ng pagdamay sa hirap at pagdurusa ng isang taong mahal natin.

Manatiling Balanse

Mahalagang makahanap ng mga paraan para maibalanse ang tungkulin ninyong mag-alaga sa ibang mga aspeto ng inyong buhay—kabilang na ang trabaho, pamilya, mga ugnayan, at mga aktibidad na nagpapasaya sa inyo. Sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya tungkol sa paksang ito, sinikap kong "magpugay sa inyong lahat, sa lahat na maraming ginagawa at nagmamalasakit nang husto at nagsisikap 'sa hangaring gumawa ng kabutihan.' Napakaraming masyadong mapagbigay. Alam ko na ang ilan sa inyo [ay maaaring nahihirapan sa emosyonal o pinansiyal] sa sarili ninyong buhay at nakakakita pa rin kayo ng maibabahagi [sa iba]. Gaya ng babala ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, hindi layon na tumakbo tayo nang higit na mabilis kaysa ating lakas at lahat ng bagay ay dapat gawin nang maayos (tingnan sa Mosias 4:27)."[9] Ngunit sa kabila niyon, alam ko na marami sa inyo ang tumatakbo nang napakabilis at halos wala ka nang lakas para tulungan ang iba.

Kapag tila napakalaki ng mga problema, alalahanin ang mga linyang ito mula sa isang sanaysay ni David Batty:

"Ang pag-asa ay hindi isang damdamin—ito ay hindi isang malaking alon ng kagalakan sa gitna ng problema.

". . . Ang pag-asa ay hindi ang magic wand na nagpapalaho sa problema. Ang pag-asa ay ang guhit ng buhay na makakahadlang upang hindi kayo madaig ng mga unos sa inyong buhay.

"Kapag umasa kayo kay Jesus, nagtitiwala kayo sa Kanyang mga pangako na hinding-hindi Niya kayo iiwan o pababayaan—na gagawin Niya ang pinakamabuti para sa inyo. Kahit maaaring nasa kalagitnaan kayo ng isang malaking problema, ang pag-asa ay nagbibigay-daan para kayo mapayapa, batid na si Jesus ang kasama ninyo sa bawat hakbang."[10]

DETALYE MULA SA *HE HEALED MANY*, NI J. KIRK RICHARDS

Gustung-gusto ko kung paano hinarap ni Pablo ang paghihirap at damdaming ito ng kakulangan. Sa mga banal na kasulatan, ipinaliwanag ng Panginoon na ang Kanyang biyaya ay sapat para kay Pablo at na ang Kanyang lakas, sa katunayan, ay talagang "nagiging sakdal sa kahinaan." Pagkatapos ay isinulat ni Pablo, "Kaya't bagkus akong magmamapuri na may malaking galak sa aking kahinaan upang manahan nawa sa akin ang kapangyarihan ni Cristo" (II Mga Taga Corinto 12:9).[11]

Magtiwala sa Ama at sa Anak

Kailangan nating magtiwala na tunay na nagmamalasakit ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo sa atin at sa ating ginagawa, na gusto Nila tayong maging "sakdal sa kahinaan" —tulad ng gusto ninyo para sa mga taong mahal ninyo.

Pinatototohanan ko na alam ng Diyos ang ating mga pasanin at palalakasin tayo para palakasin ang iba. Hindi ito nangangahulugan na laging maglalaho ang ating mga problema o biglang mapapayapa ang mundo. Ngunit diringgin din naman ng Ama sa Langit ang inyong mga dalangin. At gayundin ang mga dalangin ng mga taong inaalagaan ninyo—ang balo, diborsyado, nalulumbay, natatakot, adik, maysakit, nawawalan ng pag-asa—lahat.[12]

Mga kapatid, ang paglilingkod na ibinibigay natin kapag nagpapasan tayo ng mga pasanin ng iba ay napakahalaga—literal na gawain ng Panginoon. Binibigyang-diin ng bilang ng mga liham na natanggap sa opisina ko kung gaano kalaking tulong ang kailangan. Ang tulong na iyon ay manna mula sa langit sa mga taong nahihirapan.

Sinabi kong minsan: "Kapag binabanggit natin ang mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos, ipinapaalala sa atin na hindi lahat ng anghel ay nagmula sa kabila ng tabing o lambong. Ang ilan sa kanila ay nakakasama natin sa paglakad at nakakausap—dito, ngayon, at araw-araw. Ang ilan sa kanila ay nakatira sa sarili nating sambahayan. Ang ilan sa kanila ay nagsilang sa atin, at sa kalagayan ko, isa sa kanila ang pumayag na pakasalan ako. Tunay ngang tila hindi nagiging mas malapit ang langit kailanman kaysa kapag nakikita natin ang pagmamahal ng Diyos sa kabaitan at katapatan ng mga taong napakabuti at napakadalisay kaya *parang anghel* ang tanging mga salitang naiisip natin."[13]

Para sa akin, kapag sinisikap ninyong pagaanin ang mga pasanin ng iba, kayo ay tunay na mga anghel ng awa sa pinakaliteral na kahulugan nito. Nawa'y maibalik sa inyo nang isandaang ulit ang lahat ng sinisikap ninyong ibigay. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa "Mental Health by the Numbers," National Alliance on Mental Illness, nami.org.
2. Tingnan sa "World's Largest Porn Site Reveals the Most-Searched Porn Genre of 2016," Fight the New Drug, Ene. 9, 2017, fightthenewdrug.org.
3. "Parenting in America," Pew Research Center, Dis. 17, 2015, pewsocialtrends.org; tingnan din sa D'Vera Cohn at Andrea Caumont, "10 Demographic Trends That Are Shaping the U.S. and the World," Pew Research Center, Mar. 31, 2016, pewsocialtrends.org.
4. *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary,* ika-11 ed. [2003], "empathy."
5. Personal na liham.
6. Jeffrey R. Holland, "Parang Basag na Sisidlan," *Liahona,* Nob. 2013, 40.
7. Tingnan sa rosalynncarter.org/UserFiles/Jensen.pdf; tingnan din sa Rosalynn Carter, sa Randi Kaplan, "How to Care for the Caregiver," Mayo 13, 2015, health.usnews.com.
8. Nancy Madsen-Wilkerson, "When One Needs Care, Two Need Help," *Ensign,* Mar. 2016, 38.
9. Jeffrey R. Holland, "A Handful of Meal and a Little Oil," *Ensign,* Mayo 1996, 31.
10. David Batty, "Finding Hope in the Midst of Life's Problems," livingfree.org.
11. Tingnan sa Anne C. Pingree, "Making Weak Things Become Strong," *Ensign,* Dis. 2004, 28–30.
12. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Pinagpapahinga Niya ang Nangabibigatang Lubha," *Liahona,* Nob. 2006, 6–9.
13. Jeffrey R. Holland, "Ang Ministeryo ng mga Anghel," *Liahona,* Nob. 2008, 30.

KABANATA 4

Maging Mapagbantay

Ito ang kabanata 4 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Ang aklat na ito ay ililimbag sa 14 na wika, sa bahaging Church History ng Gospel Library app, at sa mgabanal.lds.org. Ang susunod na ilang kabanata ay ilalathala sa mga susunod na isyu hanggang sa mai-release ang tomo 1 bago matapos ang taong ito. Ang mga kabanatang iyon ay mababasa sa 47 wika sa Gospel Library app at sa mgabanal.lds.org.*

Unang narinig ng dalawampu't isang taong gulang na si Emma Hale ang tungkol kay Joseph Smith nang nagtrabaho ito para kay Josiah Stowell noong taglagas ng 1825. Inupahan ni Josiah ang binatang ito at ang ama niya upang tulungan siyang hanapin ang nakabaong kayamanan sa kanyang ari-arian.[1] Ayon sa mga usap-usapan sa bayan, may isang pangkat ng mga explorer na nakapagmina ng deposito ng pilak at itinago sa lugar na iyon ang kayamanan ilang daang taon na ang nakararaan. Dahil alam niyang pinagkalooban si Joseph ng kakayahang gumamit ng bato ng tagakita, inalok ni Josiah si Joseph ng mataas na sahod at porsyento sa matatagpuang yaman kung tutulong ito sa paghahanap.[2]

Sinuportahan ng ama ni Emma, si Isaac, ang pakikipagsapalarang iyon. Nang dumating si Joseph at ang kanyang ama sa sakahan ng Stowell sa Harmony, Pennsylvania—isang nayon na 150 milya sa timog ng Palmyra—nagsilbing saksi si Isaac nang magpirmahan sila ng kontrata. Pinahintulutan din niyang manirahan sa kanyang tahanan ang mga manggagawa.[3]

Nakilala ni Emma si Joseph pagkatapos. Mas bata si Joseph kay Emma, mahigit anim na talampakan ang taas, at mistulang isang taong sanay sa mahirap na trabaho. Mayroon siyang asul na mga mata at maputi ang balat, at lumalakad siya na may bahagyang pag-ika. Hindi maayos ang pananalita niya, at kung minsa'y gumagamit siya ng masyadong maraming salita upang ipahayag ang kanyang sarili, ngunit maaaninaw sa kanya ang isang likas na katalinuhan kapag nagsasalita siya. Siya at ang kanyang ama ay mababuting tao na mas nais sumamba nang sila lamang sa halip na magsimba kung saan sumasamba si Emma at ang kanyang pamilya.[4]

CUMORAH'S HILL, NI JON MCNAUGHTON

Kapwa gusto nina Joseph at Emma ang mga gawain sa labas ng bahay. Mula pagkabata, nasisiyahan si Emma na sumakay sa kabayo at mamangka sa ilog malapit sa kanyang tahanan. Si Joseph ay hindi isang bihasang mangangabayo, ngunit siya ay magaling sa pakikipagbuno at mga larong gamit ang bola. Siya ay kumportable sa pakikisalamuha sa iba, at palangiti, madalas magbiro o magkuwento ng nakakatawa. Si Emma ay mas mahiyain, pero mahilig magbiro at nagagawang makipag-usap kahit kanino. Hilig din niyang magbasa at kumanta.[5]

Nang lumipas ang mga linggo at unti-unting mas nakilala ni Emma si Joseph, nag-alala ang mga magulang niya sa pagiging malapit nila sa isa't isa. Si Joseph ay isang maralitang manggagawa mula sa ibang estado, at inaasahan nila ang kanilang anak na babae ay mawalan ng interes sa kanya at magpakasal sa isa sa maunlad na pamilya na tagaroon sa kanilang lambak. Ang ama ni Emma ay naging mapagduda rin sa paghahanap ng kayamanan at naghihinala sa tungkulin ni Joseph dito. Tila hindi mahalaga kay Isaac Hale na sinubukan ni Joseph na kumbinsihin si Josiah Stowell na ihinto ang paghahanap nang naging malinaw na walang kahihinatnan ito.[6]

Gusto ni Emma si Joseph higit sa sinumang lalaki na nakilala niya, at siya ay hindi tumigil sa pagbibigay ng panahon sa kanya. Matapos siyang magtagumpay na kumbinsihin si Josiah na huminto sa paghahanap ng pilak, nanatili si Joseph na nagtatrabaho sa sakahan ni Josiah. Kung minsan, nagtatrabaho rin si Joseph kina Joseph at Polly Knight, isa pang pamilyang may sakahan sa lugar. Kapag siya ay wala sa trabaho, binibisita niya si Emma.[7]

Si Joseph at ang kanyang batong tagakita ay naging usap-usapan sa Harmony. Ilan sa mga nakatatanda sa bayan ay naniniwala sa mga tagakita, ngunit marami sa kanilang mga anak at apo ang hindi. Ang pamangkin ni Josiah, na nagsasabing pinagsamantalahan nito ang kanyang tiyuhin, ay dinala ang binata sa hukuman at pinaratangan siya ng panloloko.

Sa kanyang pagharap sa pambayang hukom, inilahad ni Joseph kung paano niya natagpuan ang bato. Nagbigay-saksi si Joseph Sr. na palagi niyang itinatanong sa Diyos

Noong 2015 ay muling itinayo ng Simbahan ang replika ng bahay nina Isaac at Elizabeth Hale sa Harmony, Pennsylvania. Nakilala ni Joseph Smith ang kanilang anak na si Emma nang tumira siya sa bahay na iyon habang nagtatrabaho para kay Josiah Stowell.

Ang bahay ng pamilya Smith sa Manchester, New York, ay muling itinayo ayon sa orihinal na istruktura nito. Matapos silang ikasal noong 1827, nanirahan dito sina Joseph at Emma kasama ang mga magulang ni Joseph.

na ipakita sa kanya ang Kanyang kalooban para sa kagilagilalas na kapangyarihan ni Joseph bilang isang tagakita. Sa wakas, humarap si Josiah sa korte at sinabing hindi siya niloko ni Joseph.

"Tama ba ang pagkakaintindi ko," sabi ng hukom, "na sa palagay mo ang bilanggo ay maaaring makakita sa tulong ng isang bato?"

Hindi lang iyan, giit ni Josiah. "Talagang alam kong totoo ito."

Si Josiah ay isang iginagalang na tao sa komunidad, at tinanggap ng mga tao ang kanyang sinabi. Sa huli, ang paglilitis ay walang nailabas na ebidensya na niloko siya ni Joseph, kung kaya't ipinawalang-saysay ng hukom ang kaso.[8]

Noong Setyembre 1826, bumalik si Joseph sa burol para sa mga lamina, subalit sinabi ni Moroni na hindi pa siya handa para sa mga ito. "Humiwalay ka mula sa mga naghahanap ng kayamanan," sabi sa kanya ng anghel. May masasamang tao sa kanila.[9] Binigyan siya ni Moroni ng isa pang taon upang iayon ang kanyang kalooban sa Diyos. Kung hindi niya ito gagawin, ang mga lamina ay hindi na ipagkakatiwala sa kanya.

Sinabi rin sa kanya ng anghel na magsama siya ng isang tao sa susunod. Ito rin ang iniutos niya noong huling pagpunta ni Joseph sa burol. Subalit dahil pumanaw na si Alvin, nagulumihanan si Joseph.

"Sino ang taong dapat kong isama?" tanong niya.

"Malalaman mo," wika ni Moroni.

Humingi si Joseph ng patnubay sa Panginoon sa pamamagitan ng kanyang bato ng tagakita. Ang tamang tao, nalaman niya, ay si Emma.[10]

Si Joseph ay naakit kay Emma mula nang nakilala niya ito. Tulad ni Alvin, siya ang makatutulong sa kanya na maging uri ng tao na kailangan ng Panginoon upang maisagawa ang Kanyang gawain. Subalit higit pa roon si Emma. Iniibig niya ito at nais niya itong pakasalan.[11]

Noong Disyembre, sumapit ang pagtuntong ni Joseph sa kanyang ika-dalawampu't isang taon. Noon, hinayaan niyang maimpluwensyahan siya sa iba-ibang paraan ng mga inaasahan ng mga taong nais samantalahin ang kanyang kaloob.[12] Subalit matapos ang kanyang huling pagpunta sa burol, batid niyang higit pa ang kailangan niyang gawin upang maihanda ang sarili sa pagtanggap ng mga lamina.

Bago bumalik sa Harmony, nakipag-usap si Joseph sa kanyang mga magulang. "Nakapagpasiya na po ako na mag-aasawa na," sinabi niya sa kanila, "at, kung walang kayong pagtutol, si Binibining Emma Hale ang pinili ko." Nasiyahan ang kanyang mga magulang sa kanyang desisyon, at hinimok siya ni Lucy na pumisan sa kanila matapos silang ikasal.[13]

Noong gabi ng Setyembre 22, 1827, sumakay sina Joseph at Emma sa isang karwahe patungo sa burol na ito, kung saan ibinaon ang mga lamina ng Aklat ni Mormon. Pagkakuha sa mga lamina, itinago ito sandali ni Joseph sa isang trosong walang laman para protektahan ito sa mga naghahanap ng kayamanan.

Noong taglamig na iyon ay dinalasan ni Joseph ang pagdalaw kay Emma, kung minsan ay humihiram sa mga Knight ng paragos o sleigh kapag nahihirapang magpunta sa bahay ng mga Hale dahil sa niyebe. Subalit hindi pa rin siya gusto ng mga magulang ni Emma, at walang nangyari sa lahat ng pagsisikap na ginawa niya para gumaan ang loob sa kanya ng pamilya.[14]

Noong Enero 1827, binisita ni Emma ang tahanan ng mga Stowell, kung saan maaari silang magkasama ni Joseph nang wala ang masasamang tingin ng kanyang pamilya. Doon hiningi ni Joseph ang kamay ni Emma upang pakasalan ito, at noong una, tila nagulat si Emma. Alam niyang tututol ang mga magulang niya sa kasal.[15] Subalit hinimok siya ni Joseph na pag-isipan ito. Maaari silang agad na magtanan.

Pinag-isipan ni Emma ang panukala. Ikalulungkot ng kanyang mga magulang ang pagpapakasal niya kay Joseph, ngunit ito ay kanyang desisyon, at mahal niya ito.[16]

Hindi nagtagal, noong Enero 18, 1827, ikinasal sila sa tahanan ng hukom sa bayan. Pagkatapos ay tumungo sila sa Manchester at nagsimula ng kanilang buhay bilang mag-asawa sa bagong tahanan ng mga magulang ni Joseph. Komportable ang bahay, ngunit sina Joseph Sr. at Lucy ay napasobra sa paggastos para dito, nahuli sa kanilang pagbabayad, at nailit ang ari-arian. Ngayon ay inuupahan nila ito sa mga bagong may-ari.[17]

Masaya ang mga Smith na kasama nila sa bahay sina Joseph at Emma. Subalit nag-aalala sila sa banal na tungkulin ng kanilang anak. Nabalitaan ng mga tao sa lugar ang tungkol sa mga laminang ginto at kung minsan ay hinahanap ang mga ito.[18]

Isang araw, may sinadya si Joseph sa bayan. Inaasahang makauuwi siya para sa oras ng hapunan, nag-alala ang kanyang mga magulang nang hindi siya nakabalik. Ilang oras silang naghintay at hindi makatulog. Sa wakas ay binuksan ni Joseph ang pintuan at sumalampak sa upuan na pagod na pagod.

"Bakit ka ginabi?" tanong ng kanyang ama.

"Sa buong buhay ko ngayon lang po ako nakastigo nang husto," sabi ni Joseph.

"Sino ang kumastigo sa iyo?" tanong ng kanyang ama.

"Ang anghel ng Panginoon," sagot ni Joseph. "Sabi niya ay naging pabaya ako." Ang araw ng susunod na pagkikita nila ni Moroni ay papalapit na. "Kailangan ko nang maghanda at kumilos," sabi niya. "Kailangan ko nang simulan ang mga bagay na ipinagagawa sa akin ng Diyos."[19]

Matapos ang pag-aani sa panahon ng taglagas, naglakbay sina Josiah Stowell at Joseph Knight patungo sa Manchester para sa isang layunin. Kapwa nila alam na ang ika-apat na taon ng pagpunta ni Joseph sa burol ay

nalalapit na, at sabik silang malaman kung ipinagkatiwala na ni Moroni sa kanya ang mga lamina.

Alam din ng mga tagaroon na naghahanap ng kayamanan na panahon na upang kunin ni Joseph ang talaan. Kamakailan lamang ay isa sa kanila, isang lalaking nagngangalang Samuel Lawrence, ang pagala-gala sa burol na hinahanap ang mga lamina. Dahil nag-aalala na magdudulot ng problema si Samuel, pinapunta ni Joseph ang kanyang ama sa tahanan ni Samuel noong gabi ng Setyembre 21 upang bantayan ito at komprontahin kung tatangkain nitong pumunta sa burol.[20]

Inihanda na ni Joseph ang kanyang sarili upang kunin ang mga lamina. Ang kanyang taunang pagpunta sa burol ay magaganap kinabukasan, subalit upang malito ang mga naghahanap ng kayamanan, binalak niyang magtungo sa burol nang madaling-araw—habang nagsisimula pa lamang ang umaga ng Setyembre 22—sa oras na walang magaakalang pupunta siya roon.

Ngunit kailangan pa rin niyang makahanap ng paraan upang maprotektahan ang mga lamina kapag nakuha na niya ang mga ito. Nang makatulog na ang halos lahat ng kanyang kapamilya, tahimik siyang nagtanong sa kanyang ina kung mayroon itong lockbox. Wala nito si Lucy at nag-alala ito.

"Hayaan na ninyo," sabi ni Joseph. "Kakayanin ko naman kahit wala iyon."[21]

Maya-maya pa ay dumating na si Emma, nakasuot ng damit-pangabayo, at sila ni Joseph ay sumakay sa karwahe ni Joseph Knight at naglakbay nang gabing iyon.[22] Nang dumating sila sa burol, naghintay sa karwahe si Emma habang inaakyat ni Joseph ang lugar na pinagtaguan ng mga lamina.

Nagpakita si Moroni, at kinuha ni Joseph ang mga gintong lamina at mga bato ng tagakita o seer stone mula sa kahong bato. Bago bumaba sa burol si Joseph, ipinaalala sa kanya ni Moroni na huwag ipakita ang mga lamina kaninuman maliban sa mga hinirang ng Panginoon, nangangako sa kanya na ang mga lamina ay mapoprotektahan kung gagawin niya ang lahat sa abot ng kanyang makakaya na pangalagaan ang mga ito.

"Dapat kang maging mapagbantay at tapat sa ipinagkatiwala sa iyo," sabi sa kanya ni Moroni, "kung hindi ay magagapi ka ng masasamang tao, sapagkat sila ay bubuo ng mga plano at pakana upang magawa nilang maagaw ang mga ito mula sa iyo. At kung hindi ka patuloy na makikinig, magtatagumpay sila."[23]

Dinala ni Joseph ang mga lamina pababa sa burol, ngunit bago siya bumalik sa karwahe, itinago niya ang mga lamina sa isang troso na may guwang o malaking butas kung saan mananatiling ligtas ang mga ito hanggang sa makahanap siya ng lockbox. Pagkatapos ay pinuntahan na niya si Emma, at umuwi na sila habang papasikat na ang araw.[24]

Bago bumaba ng burol si Joseph, ipinaalala sa kanya ni Moroni na huwag ipakita ang mga lamina kaninuman maliban sa mga hinirang ng Panginoon.

Sa tahanan naman ng mga Smith, nag-aalalang hinihintay ni Lucy sina Joseph at Emma habang ipinaghahain niya ng almusal sina Joseph Sr., Joseph Knight, at Josiah Stowell. Nagsimulang bumilis ang pintig ng kanyang puso habang siya ay nagtatrabaho, kinakabahan na babalik si Joseph na hindi dala ang mga lamina.[25]

Makalipas ang ilang saglit, pumasok sa bahay sina Joseph at Emma. Tiningnan ni Lucy kung dala ni Joseph ang mga lamina, ngunit nanginginig na lumabas ng kuwarto nang makita niyang walang dala ito.

Sinundan siya ni Joseph. "Inay," sabi niya, "huwag po kayong mag-alala." May iniabot siyang bagay na nakabalot ng panyo. Sa tela, nakapa ni Lucy ang tila isang malaking pares ng salamin sa mata. Ito ang Urim at Tummim, ang mga bato ng tagakita na inihanda ng Panginoon upang maisalin ang mga lamina.[26]

Masayang-masaya si Lucy. Si Joseph naman ay tila nabawasan ng mabigat na pasanin sa kanyang mga balikat. Subalit nang puntahan na niya ang iba sa loob ng bahay, nagkunwari siyang malungkot at kinain nang tahimik ang kanyang almusal. Matapos niyang kumain, malungkot niyang sinapo ang kanyang ulo. "Nabigo ako," sabi niya kay Joseph Knight.

"Ah," wika ng matandang lalaki, "Ikinalulungkot ko."

"Talagang napakalungkot ko," sabi ni Joseph, na ang ekspresyon ay naging isang ngiti. "Sampung beses itong nakahihigit kaysa sa aking inaasahan!" Nagpatuloy siyang ilarawan ang laki at bigat ng mga lamina at tuwang-tuwang ikinuwento ang tungkol sa Urim at Tummim.

"Kahit ano ay nakikita ko," wika niya. "Nakamamangha ang mga ito."[27]

Isang araw matapos niyang matanggap ang mga lamina, nagtungo si Joseph sa kalapit na bayan para kumpunihin ang isang balon upang makaipon ng pera para sa isang lockbox. Nang umaga ring iyon, habang may inaasikaso sa lugar na isang burol lang ang layo mula sa tahanan ng mga Smith, narinig ni Joseph Sr. ang isang pangkat ng mga lalaki na nagbabalak nakawin ang mga gintong lamina. "Makukuha natin ang mga lamina," sabi ng isa sa kanila, "kahit humadlang si Joe Smith o lahat ng demonyo sa impiyerno."

Nababahalang umuwi si Joseph Sr. at sinabi ito kay Emma. Sinabi niya na hindi niya alam kung nasaan ang

mga lamina, ngunit nakatitiyak siyang protektado ni Joseph ang mga ito.

"Oo, tama ka," sabi ni Joseph Sr., "ngunit tandaan mo na dahil lang sa maliit na bagay ay nawala kay Esau ang kanyang basbas at karapatan. Maaaring mangyari ito kay Joseph."[28]

Upang masiguro na protektado ang mga lamina, sumakay si Emma sa kabayo at naglakbay nang higit sa isang oras patungo sa bukirin kung saan nagtatrabaho si Joseph. Natagpuan niya ito sa balon, madumi at pawis na pawis mula sa buong araw na pagtatrabaho. Nang marinig ang panganib, tumingin si Joseph sa Urim at Tummim at nakita niyang ligtas ang mga lamina.

Sa kanilang tahanan, pabalik-balik na naglalakad si Joseph Sr. sa labas ng kanilang bahay, tumitingin kada minuto sa daan hanggang sa makita niya sina Joseph at Emma.

"Itay," sabi ni Joseph sa pagbaba nila mula sa kabayo, "ligtas ang lahat—walang dahilan upang mangamba."[29]

Subalit oras na upang kumilos.

Nagmamadaling nagtungo sa burol, hinanap ni Joseph ang troso kung saan nakatago ang mga lamina at maingat na binalot ang mga ito sa isang kamiseta.[30] Payuko siyang nagpunta sa kakahuyan at tinahak ang daan pauwi, alerto ang mga mata sa anumang panganib. Ikinubli siya ng kagubatan mula sa mga tao sa pangunahing kalsada, subalit binigyan nito ang mga magnanakaw ng maraming lugar na mapagtataguan.

Nangako si Moroni kay Joseph na mapoprotektahan ang mga lamina kung gagawin niya ang lahat ng makakaya niya para pangalagaan ito.

Nahihirapan sa pagdadala ng mabibigat na talaan, naglakad nang mabilis sa gitna ng kakahuyan si Joseph sa abot ng kanyang makakaya. Isang natumbang puno ang nakaharang sa kanyang daraanan, at sa pagtalon niya sa ibabaw nito, naramdaman niyang may matigas na bagay na tumama sa kanya mula sa likod. Pagpihit niya, nakita niya ang isang lalaking papalapit sa kanya, hawak ang baril at ipanghahampas sa kanya.

Mahigpit na hawak ang mga lamina na nakaipit sa isang braso, sinuntok ni Joseph ang lalaki na napahandusay sa lupa at nagmadali siyang tumakbo sa mas masukal na bahagi ng kakahuyan. Halos kalahating milya na siyang nakatakbo nang may isa pang lalaki ang biglang sumulpot mula sa likod ng isang puno at hinampas siya gamit ang hawakan ng baril nito. Nilabanan ni Joseph ang lalaki at mabilis na tumakbo, desperadong makalabas sa kakahuyan. Ngunit bago pa man siya makalayo ay may pangatlong lalaking sumalakay, sinuntok siya nito nang malakas kaya umikot ang kanyang paningin. Tinipon ni Joseph ang kanyang lakas, sinuntok niya nang malakas ang lalaki at tumakbo pauwi.[31]

Pagbalik sa bahay, kaagad pumasok si Joseph sa pintuan na nakaipit sa isang bisig ang mabigat na balutan. "Itay," sigaw niya, "nakuha ko na ang mga lamina."

Ang kanyang kapatid na labing-apat na taong gulang, si Katharine, ay tinulungan siyang ilagay ang balutan sa ibabaw ng mesa habang nakapalibot sa kanya ang kanyang pamilya. Alam ni Joseph na nais ng kanyang ama at nakababatang kapatid na si William na alisin ang balot ng mga lamina, subalit pinigilan niya ang mga ito.

"Hindi ba namin maaaring makita ang mga ito?" tanong ni Joseph Sr.

"Hindi po," sagot ni Joseph. "Sumuway ako noong unang beses, ngunit desidido na akong maging tapat ngayon."

Sinabi niya na maaari nilang kapain ang mga lamina nang nakabalot sa tela, at binuhat ni William ang balutan. Mas mabigat ito kaysa sa bato, at masasabi ni William na may mga pahina ito na maililipat-lipat tulad sa mga pahina ng isang aklat.[32] Inutusan din ni Joseph ang kanyang bunsong kapatid, si Don Carlos, na humingi ng lockbox kay Hyrum, na nakatira malapit sa kanila kasama ang kanyang asawa, si Jerusha, at ang kanilang bagong silang na anak na babae.

Agad na dumating si Hyrum, at nang matiyak na ligtas na nailagak ang mga lamina sa kahon, humandusay sa malapit na kama si Joseph at nagsimulang magkuwento sa kanyang pamilya tungkol sa mga lalaki sa kakahuyan.

Habang nagsasalita siya, naramdaman niyang masakit ang kanyang kamay. Noong salakayin siya, nalinsad niya ang kanyang hinlalaki.

"Ititigil ko muna ang pagkukuwento, Itay," bigla niyang sinabi, "at hihilingin ko po sa inyo na ibalik sa dati ang nalinsad kong hinlalaki."[33] ■

Ang kumpletong listahan ng mga babasahing nabanggit ay makukuha sa English sa saints.lds.org.

Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa mgabanal.lds.org.

MGA TALA

1. Agreement of Josiah Stowell and Others, Nob. 1, 1825, sa *JSP,* D1:345–52.
2. Smith, *Biographical Sketches,* 91–92; Oliver Cowdery, "Letter VIII," *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1835, 2:200–202; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 7–8, sa *JSP,* H1:234 (banghay 2); Smith, *On Mormonism,* 10. **Paksa:** Paghahanap ng Kayamanan
3. Agreement of Josiah Stowell and Others, Nob. 1, 1825, sa *JSP,* D1:345–52.
4. Pratt, *Autobiography,* 47; Burnett, *Recollections and Opinions of an Old Pioneer,* 66–67; Woodruff, Journal, Hulyo 4, 1843, at Okt. 20, 1855; Emmeline B. Wells, "L.D.S. Women of the Past," *Woman's Exponent,*

Humiram ng lockbox si Joseph na kagaya nito mula sa kanyang kapatid na si Hyrum para pagtaguan ng mga lamina ng Aklat ni Mormon.

Peb. 1908, 36:49; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289; tingnan din sa Staker and Ashton, "Growing Up in the Isaac and Elizabeth Hale Home"; at Ashurst-McGee, "Josiah Stowell Jr.–John S. Fullmer Correspondence," 108–17.

5. Baugh, "Joseph Smith's Athletic Nature," 137–50; Pratt, *Autobiography,* 47; Burnett, *Recollections and Opinions of an Old Pioneer,* 66–67; *Recollections of the Pioneers of Lee County,* 96; Youngreen, *Reflections of Emma,* 61, 67, 65, 69; Emmeline B. Wells, "L.D.S. Women of the Past," *Woman's Exponent,* Peb. 1908, 36:49.
6. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8, sa *JSP,* H1:234 (banghay 2); Smith, *Biographical Sketches,* 92; Bushman, *Rough Stone Rolling,* 51–53; Staker, "Isaac and Elizabeth Hale in Their Endless Mountain Home," 104.
7. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 7–8, sa *JSP,* H1:234–36 (banghay 2); Knight, Reminiscences, 2; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290.
8. William D. Purple, "Joseph Smith, the Originator of Mormonism," *Chenango Union,* Mayo 2, 1877, [3]; tingnan din sa An Act for Apprehending and Punishing Disorderly Persons (Peb. 9, 1788), *Laws of the State of New-York* (1813), 1:114. **Paksa:** Paglilitis kay Joseph Smith Noong 1826
9. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Hulyo 1859, 169.
10. Knight, Reminiscences, 2.
11. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, 96; tingnan din sa Knight, Reminiscences, 2.
12. Tingnan sa "The Original Prophet," *Fraser's Magazine,* Peb. 1873, 229–30.
13. Lucy Mack Smith, History, 1845, 97.
14. Knight, Reminiscences, 2; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289.
15. Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8, sa *JSP,* H1:236 (draft 2).
16. Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290; Joseph Lewis and Hiel Lewis, "Mormon History. A New Chapter, about to Be Published," *Amboy Journal,* Abr. 30, 1879, 1; tingnan din sa Oliver Cowdery, "Letter VIII," sa *LDS Messenger and Advocate,* Okt. 1835, 2:201.
17. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8, sa *JSP,* H1:236 (banghay 2); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 4, [11]–[12]; book 5, [1]–[3]. **Paksa:** Sagradong Kakahuyan at Sakahan ng Pamilyang Smith
18. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Hulyo 1859, 167–68.
19. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [4]–[6].
20. Knight, Reminiscences, 2.
21. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [6].
22. Lucy Mack Smith, History, 1845, 105.
23. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [1].
24. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Hunyo 1859, 165–66; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [6].
25. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [6]–[7]; Knight, Reminiscences, 2.
26. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [7]–[8].
27. Knight, Reminiscences, 2–3; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 5, sa *JSP,* H1:222 (banghay 2); tingnan din sa Alma 37:23.
28. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [8]–[10]; "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 166; Smith, *Biographical Sketches,* 103; tingnan din sa Genesis 25:29–34.
29. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [10] and adjacent paper fragment.
30. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [11]. **Paksa:** Mga Laminang Ginto
31. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [11].
32. "The Old Soldier's Testimony," *Saints' Herald,* Okt. 4, 1884, 643–44; Salisbury, "Things the Prophet's Sister Told Me," 1945, Church History Library; Ball, "The Prophet's Sister Testifies She Lifted the B. of M. Plates," 1954, Church History Library; Smith, *William Smith on Mormonism,* 11; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [11]; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290.
33. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 5, [11]–[12]. **Paksa:** Lucy Mack Smith

LARAWANG KUHA NI JED CLARK

NARITO ANG SIMBAHAN?

Sumapi ako sa Simbahan sa edad na 36, at paminsan-minsa'y malakas ang espirituwalidad ko. Sa ibang mga pagkakataon naman ay ginawa ko lang ang mga bagay na inaasahan sa akin. Sa pagitan ng abalang iskedyul sa trabaho, pagsisimula ng asawa ko sa isang bagong trabaho, mahinang kalusugan, at iba pang mga hamon, nagsimulang bumagsak ang espirituwalidad ko. Dumalo ako sa simbahan at tumulong sa pagtuturo sa deacons quorum, pero iyon lang ang nakayanan kong gawin. Hindi ako nagkaroon ng lakas na buksan ang aking mga banal na kasulatan o lumuhod para magdasal.

Nahihirapan pa rin ako nang magpunta ako sa hilagang Chile dahil sa trabaho ko. Mula sa airport sa Copiapó, nagmaneho kami nang dalawang oras patungo sa kinaroroonan ng solar installation project sa Atacama Desert sa Chile. Nagulat ako kung gaano kaliblib ang lugar na ito, milya-milyang pulang disyerto lang ang makikita. Nakasisindak ang kalungkutan ng tanawin.

Matapos manatili sa lugar nang mga isang linggo, nagtungo kami sa pinakamalapit na bayan para sa mga suplay. Nakita ko roon ang isang gusaling tumawag sa aking pansin. Pinatabi ko ang drayber. Ang gusali ay may magandang bakuran na napapaligiran ng itim na bakod na bakal. Nasa harapan ng gusali ang isang pamilyar na karatula, "La Iglesia de Jesucristo de los Santos de los Últimos Días" o "Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

"*Narito* ang Simbahan?" naisip ko. Namangha ako na nakaabot na ang Simbahan sa liblib na bahaging ito ng mundo. Kinunan ko ng retrato ang meetinghouse at ipinadala ito sa pamamagitan ng text sa asawa ko. Napakatindi ng epekto ng tugon niya sa akin: "Nalalaman ng Ama sa Langit ang Kanyang mga tao sa lahat ng lugar."

Direktang mensahe ito sa akin mula sa aking Ama sa Langit. Sa hirap ng mabuhay araw-araw, nalimutan ko, at kinailangan akong paalalahanan, na mahal ng Ama sa Langit ang lahat ng Kanyang anak. Mahal Niya ang mga Banal na iyon sa munti at liblib na bayan sa gitna ng disyerto, at mahal Niya rin ako.

Noong gabing iyon lumuhod ako at nagpasalamat sa Ama sa Langit para sa mga pagpapalang ibinigay Niya sa akin sa araw na iyon. Ang pagkaalam na mahal Niya ako ay nakatulong sa akin na palakasing muli ang aking espirituwalidad, at patuloy ako nitong pinalalakas araw-araw. ■

Jon Evans, California, USA

Nang magtungo kami sa pinakamalapit na bayan para sa mga suplay, isang gusaling naraanan namin ang tumawag sa aking pansin.



LARAWANG GUHIT NI ALLEN GARNS

DALAWANG MISYON, DALAWANG PAMILYANG PINAGPALA

Habang naglilingkod sa Arizona Mesa Mission, madalas akong makatanggap ng mga email mula sa ate ko sa Argentina. Si Natalia ay hindi miyembro ng Simbahan. Ilang taon na ang nakararaan, nang mamatay ang kanyang anak na babae, sinubukan ng aming pamilya na ibahagi sa kanya ang ebanghelyo, pero hindi niya ito tinanggap.

Patuloy kong ibinahagi ang aking patotoo sa kanya noong nasa misyon ako. Sa isang email, ikinuwento ko sa kanya ang isang babaeng nakilala namin ng kompanyon ko. Namatay rin ang kanyang anak na babae. Nagpatotoo kami tungkol sa mga walang-hanggang pamilya at nakadama siya ng pag-asa sa ibinahagi namin. Sinabi ko kay Natalia na madarama rin niya iyon. Tumugon siya sa akin, na sinasabi na gusto niyang madama ang pag-asang iyon ngunit inakala niya na hindi sapat ang lakas ng kanyang pananampalataya.

Ipinasiya kong magpadala ng isang sulat-kamay na liham kay Natalia na inaanyayahan siyang ipagdasal na tulungan siyang maniwala. Nahiwatigan ko ring sumulat ng isang talata sa Ingles at ipadala iyon sa isang missionary. Español lang ang alam ni Natalia, kaya sinabi ko sa kanya na hanapin ang mga missionary at hilinging magsalin sila para sa kanya. Naisip ko na marunong mag-Ingles ang isang missionary.

Pagkatapos niyon, nakatanggap ako ng email mula kay Natalia. Nahanap niya ang mga missionary at hiniling niya sa kanila na isalin ang sulat ko. Tahimik nila itong binasa at napangiti sila. Nang itanong ni Natalia kung ano ang isinulat ko, sumagot sila, "Pag-usapan natin ito!" Isinulat ko na nahihirapan si Natalia sa pagkamatay ng kanyang anak na babae, at hiniling ko sa mga missionary na turuan siya tungkol sa plano ng kaligtasan.

Nagbahagi ng maikling mensahe ang mga missionary, at nagustuhan ni Natalia ang itinuro nila. Pagkatapos ay sinabi sa kanila ni Natalia na nagmimisyon ako sa Mesa, Arizona, USA. Sinabi ng isang elder, si Elder Larson, na tagaroon siya.

Pagkaraan ng isang taon, nalipat ako sa lugar kung saan nakatira ang pamilya ni Elder Larson. Nakilala ko ang pamilya niya tulad ng pagkakilala niya sa pamilya ko, at kapwa pinagpala ang dalawang pamilya. Matagal nang ipinagdarasal ni Elder Larson ang kanyang nakababatang kapatid na lalaki, na nanghihina ang patotoo. Nakasama ko sa pagpapalitan ng kompanyon ang kapatid niyang lalaki at natulungan siyang palakasin ang kanyang patotoo. Patuloy na tinuruan ni Elder Larson at ng kanyang kompanyon si Natalia at nabinyagan siya kalaunan. Alam ko na ipinadala kami ng Panginoon sa dalawang direksyon, ako sa Arizona, at si Elder Larson sa Argentina, para pareho namin Siyang matulungan na patatagin ang aming pamilya sa ebanghelyo. ■

Juan Manuel Gomez, Rosario, Argentina



PAGLALARAWAN NI CAROLYN VIBBERT

Nagpapasalamat ako na na-assign ako sa Arizona at na-assign si Elder Larson sa Argentina para pareho naming matulungan ang Panginoon na pagpalain ang aming pamilya.



Sa kabila ng pagkabalisang nadama ko, tumayo ako nang tuwid at sinabi kong, "Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

PINAGPALA SA PAGPAPAHAYAG NG AKING PANANAMPALATAYA

Nabinyagan ako noong 19 anyos ako. Hindi tinanggap ng marami sa mga kapamilya at kaibigan ko ang desisyon kong sumapi sa Simbahan, pero hindi iyon nakapigil sa akin. Makalipas ang dalawang linggo, nagsimula ako sa ikalawang taon ko sa kolehiyo. Pagbalik ko sa kampus, kinabahan ako tungkol sa bago kong relihiyon.

Nagsimula akong mag-alala na baka hindi ako magkaroon ng lakas-ng-loob na manindigan para sa aking relihiyon. Pakiramdam ko'y nag-iisa ako. Wala pa akong nakikilalang miyembro ng Simbahan sa kolehiyo, at hindi ko alam kung saan matatagpuan ang meetinghouse, o kung may ward o branch man lang na malapit. Ipinagdasal ko na pagkalooban ako ng Ama sa Langit ng lakas-ng-loob. Ipinagdasal ko na magkaroon ako ng tiwalang manindigan para sa bago kong mga paniniwala.

Makalipas ang ilang araw, tinulungan kong maglipat ang ilang tao. Nakilala ko ang binatang si Brian at naging magkaibigan kami. Naglalakad kami sa kampus isang araw nang tanungin niya ako kung ano ang mga plano ko para sa Linggo. Sinabi ko sa kanya na magsisimba ako.

"Ah, saan ka ba nagsisimba?" tanong niya.

Sa kabila ng pagkabalisang nadama ko sa tiyan ko, tumayo ako nang tuwid at sinabi kong, "Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw."

Natuwa ako sa sarili ko! Kinabahan din ako sa magiging tugon ni Brian. Sa sandaling iyon, nakita ko ang mga missionary. Bago nakapagsalita si Brian, sinabi ko sa kanya na babalik ako kaagad. Pinuntahan ko ang mga missionary. Masaya silang makilala ako at ibinigay nila sa akin ang lahat ng detalyeng kailangan ko para makasimba kinabukasan.

Binalikan ko si Brian at ipinaliwanag ko ang nangyari. Nagkuwento rin ako nang kaunti sa kanya tungkol sa Simbahan, at patuloy kaming naglakad tulad ng dati, maliban sa paluksu-lukso ang paghakbang ko. Nadama ko rin ang sigla at kapayapaan na Espiritu lamang ang makapagdudulot. Matagal akong nag-alala tungkol sa pag-iisa ko at hindi ko alam kung saan magsisimba. Ngunit naniniwala ako na ang pagdating ng mga missionary na iyon sa mismong lugar na iyon sa oras na iyon ang paraan ng Ama sa Langit para pagpalain ako sa pagpapahayag ng aking pananampalataya.

Mahigit 10 taon na ang nakalipas, at simula noon ay hindi na ako natakot pang sabihing, "Miyembro ako ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw!" ■

Kristin McElderry, Massachusetts, USA

PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH

ANG TULONG NG PANGINOON SA DALAWANG OPERASYON SA UTAK

Habang nasa physical therapy para sa pananakit ng likod, napansin ko na nanghihina at namamanhid ang kaliwang bahagi ng katawan ko. Nang ipaliwanag ko ang mga sintomas na ito sa aking physical therapist, nabahala siya at hinikayat niya akong magpatingin sa isang doktor.

Nakita sa MRI na lumaki ang utak ko sa bandang ilalim ng aking bungo at naipon nang ilang taon ang spinal fluid sa leeg ko. Nagdulot ito ng matindi at paulit-ulit na mga pagsakit ng ulo at kirot. Ang tanging opsiyon ay operasyon. Ngunit sa kabila ng operasyon, patuloy pa rin akong nakadama ng kirot.

Pagkaraan ng anim na buwan, bumalik ako sa aking doktor para sa karagdagang mga pagsusuri para lamang malaman na mas dumami ang naipong spinal fluid. Natakot akong magdaan sa isa pang masakit na operasyon. Humingi kaming mag-asawa ng opinyon sa ilang doktor at pagkatapos ay patuloy na nagpatingin sa isang doktor na may tiwala na makakatulong ang pagtanggal ng bahagi ng aking utak.

Ang pagpapagaling mula sa pangalawang operasyon ko sa utak ang pinakamasakit na karanasan ko sa buhay. Desperado kong hinangad na panatagin ako ng Espiritu. Nakinig ako sa mga mensahe at himno, patuloy na nagdasal, at tumanggap ng maraming basbas ng priesthood.

Sa aking masakit na pagpapagaling, alam ko na dininig ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin at ang mga panalanging inialay ng iba para sa akin. Nagpadala Siya sa akin ng mga tao nang kailanganin ko sila. Tinulungan ako ng isang nars sa aming ward na matutong inumin sa oras ang aking mga gamot. Dinala ako sa ospital ng tita at tito ko, na nakapansin sa mga tanda ng pagkaubos ng tubig sa aking katawan. At isang batang lalaki sa Primary, sa hangaring tumulong sa aming pamilya, ang nag-iwan ng mga laruan sa pintuan namin para sa anak kong lalaki. Sa karanasang ito at sa marami pang iba, nadarama ko na tinutulungan ako ng Tagapagligtas at mas lumalakas ang aking patotoo bawat araw. Pambihira at sagrado ang karanasang ito na nagmula sa totoong napakasakit na karanasan.

Bagama't matagumpay ang pangalawa kong operasyon, patuloy akong nahirapan, at kinailangan kong matutong umakma sa isang buhay na pabalik-balik ang pananakit at magtiwala na may layunin ang Ama sa Langit dito. Ngunit may pag-asa ako sa Kanyang pangako na patuloy Niya akong palalakasin sa aking mga hamon, nang sabihin Niyang: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo" (D at T 84:88). ■

Bryn Booker, Idaho, USA

Napag-alaman sa MRI na ang pananakit ay sanhi ng likido sa gulugod na naipon sa aking leeg.

PAGLALARAWAN NI BONNIE HOFKIN

Ni Elder Michael John U. Teh
Ng Pitumpu

Ang Nakakabalanseng Epekto ng Pagtitiis

Kinausap ko kamakailan ang aking mga anak, pamangkin, at isang bata pang kaibigan para maunawaan ang mga tanong, hamon, kabiguan, at tagumpay na kinakaharap ng mga young adult ngayon. Pinagnilayan at ipinagdasal ko ang ibinahagi sa akin at ibinuod ko na ito sa mga puntong ibinabahagi ko ngayon sa pag-asang masagot ng mga ito ang ilan sa mga tanong at hamon na iyon.

Pinatototohanan ko na maaari tayong maging "masaya hanggang wakas" kapag sinunod natin ang mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo, pinili ang mabuti kaysa masama, at binalanse ang ating mga responsibilidad.

Makinig sa Espiritu Santo

Taliwas sa nadarama ng ilan sa inyo paminsan-minsan, ipinapahayag ko na sinasagot nga ng ating Ama sa Langit ang ating mga dalangin sa Kanyang paraan. Isipin ang sumusunod na mga talata:

"Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatanggap, at siya na naghahanap ay makasusumpong; at sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan" (3 Nephi 14:78).

"Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios, na nagbibigay ng sagana sa lahat at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kaniya" (Santiago 1:5).

"Masdan, sasabihin ko sa iyo sa iyong isipan at sa iyong puso, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pasasaiyo at mananahanan sa iyong puso" (D at T 8:2).

Kung gayo'y paano tayo tatanggap ng mga sagot at paghahayag? Paano natin malalaman na iyon ang Espiritu Santo at hindi lang ang sarili nating iniisip? Magbabahagi ako ng dalawang karanasan sa buhay ko na naging mga huwaran.

Matapos kaming magdeyt ni Sister Teh sa loob ng maikling panahon, halatang-halata na gusto ko siyang makasama sa kawalang-hanggan. Natural, palaging iyon ang taimtim kong ipinagdasal at ipinag-ayuno. Walang sumunod na pagbabago sa damdamin ko. Wala akong nadamang pag-aalab sa puso ko. Gayunman, palaging maganda ang pakiramdam ko sa desisyon ko, kaya nagtiyaga ako. Iyon din ang sagot kay Sister Teh, kaya heto na kami. Mula nang maranasan ko iyon, marami akong napagdesisyunan sa gayon ding paraan (tingnan sa D at T 6:22–23).

Ihambing ninyo iyan sa mga karanasan ko ngayon tungkol sa partikular na mga tungkulin mula sa Korum ng Labindalawang Apostol na tumawag ng bagong stake president. Sa pagganap ko sa tungkuling ito nang may panalangin at pag-aayuno, biniyayaan

ako ng malilinaw na impresyon na tumutulong sa akin na malaman kung sino ang dapat tawagin. Kung minsa'y dumarating ang mga pahiwatig bago, habang idinaraos, o matapos ang interbyu. Palagi akong nakadarama ng pag-aalab sa puso ko. Simula noo'y naunawaan ko na iyon ang paraan ng Espiritu Santo sa paggabay sa akin sa gayong mga tungkulin.

Bakit kaiba ang paraan ng pakikipag-ugnayan sa akin ng Espiritu Santo? Hindi ko alam. Ang mahalaga ay natutuhan kong kilalanin ang mga huwarang ito bilang mga paraan ng pagtanggap ko ng personal na pag-hahayag. Napapanatag at nagtitiwala ako sa sumusunod na payo: "Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (D at T 112:10).

Piliin ang Mabuti kaysa Masama

Iniisip ng ilang tao na nagiging mas mahirap tukuyin ang tama sa mali. Mukhang mas lumalabo ang mga bagay-bagay. Marami sa mga mali ngunit popular na opinyon ng panahon ang mukhang may katuturan sa mga taong makitid ang pananaw. Ngunit ang lumang basurang ibinalot sa bagong pakete at sinuportahan ng malikhaing pag-aanunsyo ay basura pa rin.

Ang pagkilala sa tama at mali ay hindi kailangang maging kumplikado. Bago pa natin matanggap ang kaloob na Espiritu Santo, biniyayaan tayo ng liwanag ni Cristo:

"Sapagkat masdan, ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos.

"Ngunit anumang bagay na humihikayat sa tao na gumawa ng masama, at huwag maniwala kay Cristo, at itinatatwa siya, at huwag maglingkod sa Diyos, kung magkagayon, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa diyablo; sapagkat sa ganitong pamamaraan gumagawa ang diyablo, sapagkat hindi niya hinihikayat ang sinumang tao na gumawa ng mabuti, wala, kahit isa; ni ang kanyang mga anghel; ni sila na nagpapasakop ng kanilang sarili sa kanya" (Moroni 7:16–17).

Ang isa sa pinakamalalaking pagsubok ng ating panahon ay ang pagsang-ayon sa buhay na propeta. Sasabihin ng karamihan sa atin, "Ah, madali iyan. Nagawa ko na. Tapos na."

Ngunit kamangha-manghang makita kung paano ang reaksyon ng ilang tao sa ilan sa mga popular na opinyon ng panahon samantalang dapat sana ay sumasang-ayon sila sa buhay na propeta. Kapag naharap sa pamimilit ng barkada, ang ilan sa atin ay kumikilos na para bang o bumubuo ng mga opinyon na nagpapahiwatig na hindi natin alam na may buhay na propeta.

Hanapin ang Tamang Balanse

Marami ba kayong ginagawa kaya kayo nalilito sa lahat ng ipinagagawa sa inyo? Alam ba ninyo? Lalala lang iyan. Kaya ang tanong ay: Paano ninyo mahahanap ang tamang balanse?

Itatag bilang tanglaw ninyo ang kawalang-hanggan ng ating espiritu at ng inyong pagkatao bilang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos. Ituon ang inyong lakas sa katotohanang iyon at sa kahulugan niyon. Lahat ng iba pa ay maglalaho sa inyong buhay o mapupunta sa tamang lugar nito.[1] Dalawang talata sa banal na kasulatan ang maaaring magsilbing gabay na mga alituntunin:

"Ngunit hanapin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang kanyang kabutihan; at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo" (3 Nephi 13:33).

"Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw:

"Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso" (Mateo 6:20–21).

Maniwala man kayo o hindi, naranasan ko na ang inyong sitwasyon. May punto noon sa buhay ko na mayroon

akong full-time na trabaho, nag-aaral ako sa gabi, at may pangalawa pa akong part-time na trabaho pagkatapos ng klase hanggang madaling-araw—habang pinalalaki namin ni Sister Teh ang mga anak namin. Dalawang oras lang ang tulog ko ilang araw sa isang linggo sa loob ng dalawang buwan. Bukod pa riyan, naglilingkod ako noon sa ward bishopric.

Isa iyon sa mga pinaka-produktibong pagkakataon sa buhay ko. Palagay ko hindi ko nagamit kailanman ang 24-oras sa isang araw nang mahusay na tulad ng ginawa ko noong panahong iyon.

Ipinaalala sa atin ni Pangulong Gordon B. Hinckley (1910–2008) na may responsibilidad tayo sa ating pamilya, sa ating pinagtatrabahuhan, sa Panginoon, at sa ating sarili.

Paano natin babalansehin ang mga responsibilidad na iyon? Sabi ni Pangulong Hinckley: "Palagay ko hindi mahirap iyan. Naglingkod ako sa maraming katungkulan sa Simbahang ito. Lima ang anak ko, na mga bata pa at lumalaki habang naglilingkod ako sa iba't ibang paraan. . . . Masaya ang buhay namin. Mayroon kaming mga family home evening. Ginawa lang namin ang inaasahan sa amin ng Simbahan."[2]

Maging Masaya Hanggang Wakas

Ang pagtitiis hanggang wakas ay hindi tungkol sa pagkumpleto ng isang checklist ng ebanghelyo at pagkatapos ay sasabihing: "Mahusay ako. Ang kailangan ko lang gawin ngayon ay mabuhay nang walang kahirap-hirap at manatiling gayon." Sa halip, tungkol ito sa patuloy na pagkatuto at pag-unlad. Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay tungkol sa patuloy na pagsisisi at pagbabago—ito ay isang mahirap na pag-akyat sa halip na isang pamamasyal sa parke.

Sabi ni Haring Benjamin, "Tiyakin na ang lahat ng bagay na ito ay gagawin sa karunungan at kaayusan; sapagkat hindi kinakailangan na ang tao ay tumakbo nang higit na mabilis kaysa sa kanyang lakas" (Mosias 4:27).

Tinanggap ng ilang miyembro ang talatang ito bilang isang pagbibigay-katarungan sa pagtanggi nilang higit na magsikap o gawin ang lahat ng kanilang makakaya. Ang problema ay nakatuon lamang sila sa unang kalahati ng talata.



Narito ang pangalawang kalahati: "Kinakailangang siya ay maging masigasig, nang sa gayon siya ay magkamit ng gantimpala, anupa't ang lahat ng bagay ay dapat na gawin nang maayos." Nililinaw ng dalawang kalahating magkasama ang tunay na kahulugan ng gawin ang mga bagay sa karunungan at kaayusan.

Sinabi sa akin ng isang kaibigan kong kabataang atleta na ang pangyayaring ito ay tinatawag na *ikalawang bugso ng hangin,* na isang damdamin ng panibagong lakas na nagbibigay sa inyo ng lakas na magpatuloy kahit pagod na kayo.

Tungkol sa pagkakaroon ng pangalawang bugso ng hangin sa iba pang mga aspeto ng kanyang buhay, sabi ng kaibigan ko: "Bilang estudyante sa kolehiyo, talagang madaling umuwi nang gabi na at gawing dahilan ang masyado na kayong pagod para manalangin o magbasa ng mga banal na kasulatan o kahit regular na bumisita sa templo. Maaaring magkaroon ng maraming dahilan para hindi gawin ang mga bagay na ito, lalo na sa mga estudyante sa kolehiyo. Ngunit sa huli, kailangan nating hanapin ang ating ikalawang bugso ng hangin at gawin ang maliliit na bagay na iyon."

Baka sa halip na *magtiis* hanggang wakas, matatagpuan natin ang ating ikalawang bugso ng hangin—ang ating espirituwal na hangin—at maging *masaya* hanggang wakas. Pinatototohanan ko na magagawa natin ito kapag sinunod natin ang mga pahiwatig mula sa Espiritu Santo, pinili ang mabuti kaysa sa masama, at binalanse ang ating mga responsibilidad. ■

Mula sa isang mensahe sa debosyonal na, "These Are Your Days," na ibinigay sa Brigham Young University–Idaho noong Hunyo 9, 2015. Para sa buong mensahe sa Ingles, magpunta sa web.byui.edu/devotionalsandspeeches.

MGA TALA

1. Tingnan sa Ezra Taft Benson, "The Great Commandment—Love the Lord," *Ensign,* Mayo 1988, 4.
2. *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 33.

Pagiging Tapat sa Aking Sarili—at sa Diyos

Ni Faith Sutherlin Blackhurst

Noong nasa kalagitnaan ako ng aking misyon, nahirapan kami ng kompanyon ko na maki-pagtulungang mabuti sa aming ward mission leader. Nagkaroon ng iba't ibang di-pagkakasundo, kaya nag-pasiya kaming kausapin ang bishop upang malaman kung ano ang dapat naming gawin. Sa loob-loob ko, umasa ako na kakausapin lang siya ng bishop at aayusin ang mga problema namin para sa amin.

Ngunit sa halip, sinabi sa akin ng bishop na mayabang ako at masya-dong mapamintas sa iba. Nagdadabog akong umuwi dahil pakiramdam ko ay hindi niya ako naunawaan at nainis ako—paano niya nasabi iyon sa akin? May malasakit man lang ba siya tung-kol sa mga paghihirap naming ibahagi ang ebanghelyo?

Habang naglalakad kami, naglabas ako ng sama-ng-loob sa kompanyon ko. Ngunit biglang pumasok sa isip ko ang isang pahayag: "Ang may kasalanan ay tumatanggap ng katoto-hanan nang may kahirapan" (1 Nephi 16:2). Napatigil ako. Damang-dama ko na nagmula sa Espiritu ang kaisi-pang iyon. Maaaring pinigilan ako ng aking kayabangan na tanggapin ang pagtutuwid ng bishop bilang katotohanan—ngunit magagawa ko ba talagang makipagtalo sa Espiritu Santo?

Ako ang may sala, at ipinapaalam iyon sa akin ng Diyos.

Padabog na Pangangatwiran ng Sarili

Sa oras na iyon, nakatutukso talagang balewalain ang mga maling bagay na ginagawa ko. "Walang sinuman sa atin ang gustong uma-min kapag tayo ay nalilihis mula sa tamang landas," pagsang-ayon ni Elder Dieter F. Uchtdorf, ng Korum ng Labindalawang Apos-tol. ". . . Dahil dito, kapag sinusuri natin ang ating buhay, ginagawa natin ito nang may pagkiling, mga dahilan, at mga kuwento sa ating sarili upang pangatwiranan ang di-marapat na mga pag-iisip at pagkilos."[1]

Sa kaso ko, nakumbinsi ko ang sarili ko na nagrereklamo ako para sa ikabubuti ng gawaing misyonero sa aming area. At sa halip na tang-gapin ang tapat na paglilingkod ng aming ward mission leader—bagama't tila hindi perpekto para sa akin—bigla kong nakita na wala akong utang-na-loob, wala akong pasensya, at ang totoo, masungit ako. Dahil sa paramdam ng Espiritu, nakita ko kung ano talaga ang mga ginawa ko.

Nakapigil sa akin ang aking kayabangan na tanggapin ang pagtu-tuwid ng bishop bilang katotohanan—ngunit magagawa ko ba tala-gang makipagtalo sa Espiritu Santo?

Isang Espirituwal na Pagsusuri sa Katotohanan

Ang pagtanggap ng gayong tuwi-rang pagtutuwid mula sa Espiritu ay masakit, ngunit sa napakainam na paraan. Dahil dito ay natanto ko na kailangan kong maging tapat sa aking sarili tungkol sa aking mga kapintasan.

Personal kong nalaman na ang Espiritu ay maaaring maging

PAGLALARAWAN NI JOSHUA DENNIS

pinakamaganda kong kakampi sa prosesong iyon. Pakiramdam ko ay ako mismo ang kausap ni Elder Larry R. Lawrence ng Pitumpu nang anyayahan niya ang mga miyembro ng Simbahan na "mapagpakumbabang itanong ito sa Panginoon: 'Ano po ang humahadlang sa pag-unlad ko?' . . . Kung ikaw ay matapat," sabi niya, "ang sagot ay magiging malinaw. Ito ay magiging paghahayag para sa iyo."[2] Alam ko na may kapangyarihan ako na hindi lamang tumanggap ng mga pahiwatig tungkol sa aking mga kahinaan kundi pagbutihin din ang mga iyon.

Mula sa Kahinaan tungo sa Kalakasan

Natutuhan ko mula sa aking karanasan na "kung ang [aking] mga kahinaan at pagkukulang ay patuloy [kong] ikakaila, hindi ito mapapagaling at magagawang kalakasan ng nakatutubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas."[3]

Gayunman, kung sapat ang aking tapang para maging mahina at mapagpakumbaba kong tatanggapin ang aking mga kahinaan, matutulungan ako ng Diyos na gawing kalakasan ang mga ito sa pamamagitan ng Kanyang biyaya (tingnan sa Eter 12:27, I Ni Pedro 5:5).

Tutal, ang matapat na pagkilala sa ating mga kahinaan—o makita ang ating sarili sa kung sino talaga tayo—ang unang hakbang sa landas tungo sa positibong pagbabago. Kapag patuloy akong naging matapat at naghangad ng patnubay mula sa Espiritu, ipapaalam sa akin ng aking Ama sa Langit kung ano ang kailangan kong baguhin sa buhay ko. At kapag umasa ako kay Jesucristo, sa Kanyang Pagbabayad-sala, at sa Kanyang nagpapadalisay na kapangyarihan, makikita ko ang pagbabago sa sarili ko.

Bagama't hindi kaaya-ayang aminin ang mga pagkakamali ko sa sandaling iyon ng pagtutuwid, alam ko na kapag pinili kong magpakumbaba at maging tapat sa sarili ko at sa Diyos, mas masaya ako at mas natatanggap ko ang sarili ko. Alam ko na sa kabila ng aking mga kapintasan, banal ang kahalagahan ko sa aking Ama sa Langit—ngunit gusto pa rin Niya akong magpakabuti. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Anak na si Jesucristo at sa taos-pusong pagsisisi, maaari akong maging mas mabuti kaysa pinapangarap ko. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Ako Baga, Panginoon?" *Liahona,* Nob. 2014, 58.
2. Larry R. Lawrence, "Ano Pa ang Kulang sa Akin?" *Liahona,* Nob. 2015, 35.
3. Dieter F. Uchtdorf, "Ako Baga, Panginoon?" 58.

NAKAKABAGOT
KAYA ANG RELIEF SOCIETY?

Kabadong-kabado akong sumali sa Relief Society, pero dahil sa mabuting pagtanggap nila sa akin, natutuhan ko itong mahalin.

Ni Charlotte Larcabal
Mga Magasin ng Simbahan

Nang mag-18 ako, tuwang-tuwa ako. Sino bang tinedyer ang hindi? Oo, nasa high school pa rin ako, may acne pa rin, at kailangan ko pa ring tumulong sa mga gawain sa bahay namin ng pamilya ko sa California, USA, pero nasa hustong gulang na ako. Papasok na ako sa isang bagong yugto ng buhay, at nasasabik ako tungkol dito. Ang hindi ko gaanong kinasabikan ay ang ideya na makakasama ko ang lahat ng "matatandang babae" sa Relief Society. Mayroon na silang mga anak at trabaho at Crock-Pot at siguro mahilig silang maghurno ng mga pie habang nakasuot ng tsinelas na pambahay. Mayroon akong takdang-aralin at mga paligsahan sa paglangoy at asul na cutex at mahilig akong umiwas sa paglilinis ng kuwarto ko hangga't maaari. Paano ako makakaugnay sa sinuman doon? Siguradong maaasiwa ako, malulungkot, at mababagot. At dumalo nga ako.

Una sa lahat, hindi naman pala nakakabagot ang Relief Society. Napakaraming ngitian at tawanan. Nagbahagi sila ng kawili-wili at taospusong mga komento, pero hindi rin naman sila takot na tumawa. Pangalawa sa lahat, hindi sila gaanong kaiba sa akin. Oo, mas matanda sila sa akin, pero nagbibiruan sila na katulad namin ng mga kaibigan ko. Hindi lang minsang itinanong ng isang tao ang mismong tanong na iniisip ko. At nang ipahayag nila na may enrichment meeting sa linggong iyon, nagulat ako. Mag-aaral sila ng self-defense! Gusto ko iyon!

Kabadong-kabado ako nang patayuin ako ni Sister Larsen, ang Relief Society president, para magpakilala, pero hindi rin naman iyon masama. Nakangiti sa akin ang lahat. Nagthumbs up sa akin si Sister Edwards, ang aking seminary teacher noong sophomore ako, at sinabi ni Sister Richards, na naalala ako mula sa Primary, na hindi siya makapaniwala na "matanda" na ako. At talagang tinrato nila ako na parang "matanda" na ako. Para akong batang naglalaro ng bihis-bihisan, pero para sa karamihan ng kababaihan noong araw na iyon, isa akong bagong sister.

Simula noon, nagustuhan ko na ang Relief Society, saanmang ward ako naroroon. Pagpasok ko sa silid ng Relief Society, nadarama ko ito: ang pagkakaisang iyon ng mga sister at ang pakiramdam na kabilang ka. Gustung-gusto kong gawin ang lahat ng kaya ko para matulungan ang aking mga kapatid sa Relief Society at matutuhan ang lahat mula sa kanila.

At ang nangyari, medyo magaling na akong maghurno ng mga pie. ■

"Pakamahalin ang isa't isa, [pangalagaan] ang isa't isa, aliwin ang isa't isa at maturuan, upang makaupo tayo nang magkakasama sa langit."

—Lucy Mack Smith, ina ni Propetang Joseph Smith (sa *Mga Anak na Babae sa Kaharian: Ang Kasaysayan at Gawain ng Relief Society* [2011], 30).

ANO BA TALAGA ANG RELIEF SOCIETY?

Ang Relief Society ay itinatag ni Propetang Joseph Smith noong Marso 17, 1842, sa Nauvoo, Illinois. Ang organisasyon ay may dalawang pangunahing layunin: tulungan ang mahihirap at nangangailangan at dalhin ang mga tao kay Cristo. Patuloy ang Relief Society hanggang ngayon, bilang isa sa pinakamalalaking organisasyon ng kababaihan sa mundo. Ang mga sister ay nagtitipun-tipon sa araw ng Linggo at sa iba pang mga pagkakataon kung kailangan.

ANO ANG AASAHAN SA RELIEF SOCIETY

- Isang grupo ng kababaihang magmamahal at susuporta sa iyo.
- Ang pagkakataong mahalin at paglingkuran ang ibang kababaihan bilang visiting teacher.
- Mga lesson tuwing Linggo at iba pang mga pagtitipon na makakatulong sa iyong personal na buhay at magbibigay ng mga pagkakataong maglingkod at mapagbuti ang iyong mga tungkulin bilang isang babae, anak, kapatid, tita, at/o ina.

ANG UNANG ARAW KO
SA ELDERS QUORUM

Bata pa ako noon at bagung-bagong elder. Ano ang maaari sanang maitulong ko sa elders quorum? Lumalabas na marami!

"Ito ay isang tungkulin na dapat lubos na isagawa ng bawat Banal sa kanyang mga kapatid—ang mahalin sila tuwina, at palagi silang tulungan. . . . Dapat nating dalawin ang mga ulila sa ama at ang mga balo sa kanilang pagdadalamhati."

—Joseph Smith (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 500)

Ni Dallin Luedtke

Hindi naman talaga ako kabadong sumali sa elders quorum dahil nadama kong tila alam ko kung ano ang mangyayari. Kilala ko rin ang lahat ng miyembro ng elders quorum ng aming ward. Sila ay mga tatay ng mga kaibigan ko at tinitingala ko na bilang mga mentor. Alam kong masaya sila na matulungan akong unawain ang mga bagay-bagay, kaya hindi ako kinabahang sumali sa kanila sa elders quorum.

Ang medyo nakakakaba ay ang mag-ambag sa mga lesson. Noong una nahirapan akong isipin na may maitutulong akong anuman sa kalalakihang higit ang karanasan sa buhay at mas marunong kaysa sa akin.

Naiiba Ito, Ngunit Magkapareho

Ang elders quorum ay talagang naiiba kaysa sa priests quorum. Sa halip na isang grupo ng mga lalaking kaedad mo, bigla kang napasama sa mga may edad na. Sa unang mga pagkakataong dumalo ako, hindi talaga ako nagsalita. Nag-alala ako na napakabata ko pa at walang sapat na alam para mag-ambag.

Pero habang lalong dumadalas ang pagdalo ko, lalo akong napapanatag, at lalo kong natanto na anuman ang edad mo, lahat ay may maiaambag. Lahat ay may iba't ibang karanasan sa ebanghelyo at lahat ay may iba't ibang antas ng pagkaunawa sa iba't ibang alituntunin.

May Maibabahagi Ako

Minsa'y tinalakay namin ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, at nagtaas ako ng kamay. Sinabi ko lang na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala, hindi lang tayo pinalalaya ni Jesucristo kundi matutulungan din Niya tayong mas mapalapit sa Kanya at sa Diyos. Nagsalita ako tungkol sa aking kaugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at kung paano ito napalakas nang lumago ang pagkaunawa ko sa Pagbabayad-sala. Pagkatapos ng klase, lumapit sa akin ang isang lalaki at nagpasalamat para sa aking mga komento. Sinabi niya sa akin na hindi niya naisip kailanman ang mga bagay-bagay sa paraan ng pagkasabi ko sa mga ito at talagang pinahalagahan niya ang aking kaalaman.

Ang Galing ng Home Teaching!

Sa elders quorum, hindi ka lang natututo mula sa isang guro; natututo ka rin mula sa Espiritu at sa lahat ng iba pa sa quorum. Lahat ng pananaw na iyon ay tinutulungan kang magkaroon ng mas malawak na kaalaman sa mga bagay na itinuro sa iyo. At tumutulong iyan para maging mas mahusay kang lingkod ng Panginoon. Halimbawa, simula nang maging elder ako, mas nagustuhan ko na ang home teaching! Sa palagay ko medyo mas sineseryoso ko ito dahil alam ko na kapag missionary ako sa loob ng ilang buwan, bibisita ako sa mga tao at magbabahagi sa kanila ng mga mensahe ng ebanghelyo tulad ng ginagawa ko kapag naghohome teach ako. Sa halip na umupo lang at hayaan ang kompanyon ko na gawin ang lahat ng pagtuturo, nagsimula akong maghanda para sa aming mga pagbisita. Tinitiyak kong makapagsalita. Alam ko na magandang paghahanda ito para sa misyon ko, pero ginawa rin nitong mas makabuluhan ang home teaching para sa akin. Ngayon ay mas malaki na ang pagpapahalaga ko sa mga tao sa ward namin at sa mga taong hino-home teach ko.

Kung Kaya Ko, Kaya Ninyo

Hindi mo kailangang masindak sa elders quorum, pero talagang makakaasa kang makarinig ng karagdagang karunungan tungkol sa mga paksang pinag-aaralan mo. Makakaasa kang maging mas mabuting guro, lider, at lingkod ng Panginoon. At napakagaling noon! ■

Ang awtor ay naninirahan sa California, USA.

ANO ANG MAAASAHAN SA ELDERS QUORUM

- Mga lesson tuwing Linggo kung saan nagbabahagi ang mga miyembro ng korum ng mga kaalaman at pananaw na magpapalakas sa iyong patotoo tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ebanghelyo at makakatulong sa iyo na maghanda para mga tungkulin mo sa hinaharap bilang asawa, ama, at lider ng priesthood.
- Ang mga pagkakataong makapaglingkod sa priesthood ay magpapala sa buhay mo at magpapalakas sa samahan ninyo ng iyong kapwa mga miyembro ng korum.
- Magiging bahagi ka ng isang korum kung saan susuportahan ka habang natututuhan mo ang mga bago mong responsibilidad bilang maytaglay ng Melchizedek Priesthood.

Karagdagang Tulong

Ni Allie Arnell

Sumisid ako ayon sa sarili kong bilis. Limang talampakan (1.5 m) . . . Nadama ko na itinutulak ako ng isang alon. Ngayo'y sampung talampakan. Biglang dumilim. Nadama kong nanikip ang aking paghinga. Ang malamig at malabong karagatang ito ay hindi katulad ng pool na pinagsanayan namin. Takot at may claustrophobia, mabilis akong pumaibabaw sa tubig.

"Ano'ng nangyari?" tanong sa akin ng assistant ng instructor. Napuno ng luha ang loob ng mask ko. Nasa kalagitnaan ako ng aking scuba-diving certification exam, nagsasagawa ng 30-talampakan (9 m) pagsisid, isa sa kailangang mga kasanayan para makapasa sa exam. Nakita ng assistant ang takot ko at tiniyak sa akin na magiging OK ako. Pinalalakas niya ang loob ko, pero hindi siya namimilit. Sa isang pagkakataon sinabi niya sa akin, "Hindi mo kailangang gawin ito." Noon ko natanto na nais kong gawin iyon.

Natanto ko na kahit na mahirap ito para sa akin, nais kong maisagawa ito; nais kong makuha ang certification ko. Kaya nilabanan ko ang takot ko at kinumpleto ko ang natitirang mga kasanayan kasabay ang mga kaklase ko para makapasa sa exam. Mahirap, pero nagawa ko ito nang may magpalakas ng loob ko.

Pagkaraan ng ilang buwan noong naglilingkod ako bilang missionary sa Peru, naalala ko ang mahirap na karanasan ko sa scuba-diving nang anyayahan ko ang mga tao na palakasin ang pananampalataya nila at baguhin ang kanilang buhay. Ang isang pamilyang gustung-gusto naming puntahan ng kompanyon ko ay ang mga Rumay. Madalas kaming salubungin nina Carina at Enrique at ng dalawa nilang anak na babaeng tinedyer, sina Karen at Nicole, at nabihag nila kaagad ang aming puso. Hindi nagtagal ay tinangap nina Carina, Karen, at Nicole ang ebanghelyo at sumapi sa simbahan.

Gayunman, kinailangan ni Enrique ng kaunting karagdagang tulong. Naiiba ang mensahe namin mula sa kanyang kinalakhan, kaya natagalan bago namin nakuha ang kanyang tiwala. Iba't iba ang mga alalahanin ni Enrique. Ang pangunahing aspeto ng ebanghelyo na bumagabag sa kanya ay ang Aklat ni Mormon. Hindi pa niya kailanman narinig ang tungkol sa aklat na ito at nahirapan siyang basahin at unawain ito. Dahil hindi pamilyar sa kanya, hindi makatiyak si Enrique.

Sa pagkakataong iyon, katulad ako ni Enrique nang pumaibabaw ako sa tubig: parang madaling nakasisid ang iba pa, samantalang nanginginig ako sa takot. Katulad ko rin, ang kinailangan lang ni Enrique para

LARAWAN NG SCUBA DIVER NA KUHA NG GETTY IMAGES

Sa misyon mo, maaari kang makakilala ng mga investigator na nangangailangan ng isang tao sa kanilang tabi, na handang sumisid sa proseso na kasama nila.

magtagumpay ay kaunting karagdagang tulong.

Ang tulong na ito ay dumating sa kanya sa iba't ibang anyo. May mga missionary siya para tulungan siyang masagot ang kanyang mga alalahanin at madama niya ang Espiritu. May mga miyembro din ng ward na kumaibigan at nagturo sa kanya tungkol sa kanyang tungkulin bilang ama. Gayunman, ang pinakamalaking tulong sa lahat ay ang sariling pamilya ni Enrique.

Bago pa man sila nabinyagan, kinagawian ng mga Rumay na magdaos ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Binigyan nila si Enrique ng mga banal na kasulatan na mas malalaki ang titik at isang audio version para mas madali niyang mapag-aralan ang Aklat ni Mormon. Nakatulong nang malaki ang mga simpleng pagsisikap na ito kay Enrique. Hindi siya kailanman pinilit ninuman; sinuportahan lang nila siya. Sa pamamagitan ng kanilang mga kilos, sinabi nila sa kanya, "Alam naming magagawa mo ito."

Dahil sa tulong na ito natuklasan mismo ni Enrique ang kapangyarihan ng Aklat ni Mormon. Isang araw ibinalita niya na napakinggan na niya ang buong aklat at na alam niya na ito ang salita ng Diyos. Mga apat na buwan pagkatapos ng binyag ng kanyang asawa at mga anak, ginawa rin iyon ni Enrique at nabinyagan din siya.

Sinabi ni Enrique na nagpapasalamat siya para sa tulong at pagtitiyaga sa kanya na nagtulot sa kanya na maabot ang kinalalagyan niya ngayon. Bilang missionary, mapalad akong masaksihan ang halimbawa ng pagmamahal ng pamilyang ito nang tulungan nila ang kanilang asawa't ama na madaig ang kanyang mga pagdududa. Nagpasalamat din akong magkaroon ng mahirap na karanasan sa scuba-diving na nagtulot sa akin na madama sa maliit na paraan ang nadama ni Enrique at ang maaaring madama ng iba pang mga investigator sa proseso ng pagbabalik-loob.

Kapag inanyayahan mong magsisi at magbago ang mga tao sa misyon mo, tandaan na kung minsa'y kailangan lang ng mga tao ng kaunting karagdagang pagpapalakas ng loob para magtagumpay. Maaaring kailanganin nila ng isang taong pinagkakatiwalaan at may karanasan sa kanilang tabi na nagsasabing, "Magiging OK ang lahat. Alam kong magagawa mo iyan. Bilib ako talaga sa iyo." Maaaring umaasa sila na magiging kayo ang taong iyon na handang sumisid sa proseso na kasama nila, tulungan silang magkaroon ng mga bagong gawi at kasanayan, at tulungan silang makuha ang kanilang certification, na sa huli ay ang pagsang-ayon ng Panginoon. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Iowa, USA.

ANG BAHAGING PARA SA ATIN



NAANTIG NG MGA SALITA NG ISANG BUHAY NA PROPETA

NOONG 15 TAONG GULANG AKO, nakakita ako ng dalawang missionary sa harapan ng isang supermarket. Inanyayahan ako ng isa sa kanila na magsimba. Hindi ako gaanong interesado, kaya sinabi ko sa kanila, "Siguro balang araw," at lumakad ako palayo.

Nang sumunod na araw, tumawag ang tita ko at pinapunta ang nanay ko sa bahay niya para pakinggan ang isang espesyal na mensahe. Nagpunta kami roon ng nanay ko at nakita namin ang mga missionary na nakita ko noong makalawa na nakaupo sa bahay ng tita ko! Interesado ang nanay ko sa kanilang mensahe, at nagsimula na rin akong makinig. Gayunman, nang itanong ng mga missionary kung naniniwala ako sa isang buhay na propeta, matigas akong humindi. Ipinakita ng isa sa mga elder ang larawan ni Thomas S. Monson at pinatotohanan na si Pangulong Monson ay isang propeta. Inanyayahan nila akong dumalo sa pangkalahatang kumperensya kinabukasan para makapagpasiya ako para sa aking sarili. Dahil gusto kong magusisa, pumayag akong dumalo.

Kinabukasan, dumating kami sa chapel na patapos na ang pambungad na panalangin. Pagpasok ko sa chapel, nakita ko si Pangulong Monson na lumabas sa screen. Ngumiti siya at nagsabing, "Mahal kong mga kapatid, binabati ko kayo . . ."

Nang magbuka na ng bibig si Pangulong Monson, nagkaroon ako ng pagbugso ng damdamin, na nagpapatunay na siya ay isang propeta ng Diyos. Nang matapos ang kumperensya, sinabi ko sa mga missionary, "Gusto kong magpabinyag!" Mula noon ay nakapaglingkod na ako sa mission at naituro ko sa maraming iba pa ang kagila-gilalas na mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo.

Alam ko na pinagpala tayo ng Diyos sa muling pagtawag ng mga propeta. Mahal tayo ng Diyos at nangungusap Siya sa atin sa pamamagitan ng mga makabagong propeta. ■

Maicon B., São Paulo, Brazil

Paano natin masasang-ayunan ang mga propeta at apostol?

1. Ipagdasal na magkaroon ng patotoo na tinawag sila ng Diyos bilang Kanyang mga propeta para magturo sa mundo (tingnan sa Jeremias 1:5, 7).
2. Mahalin sila at ipagdasal sila.
3. Suportahan sila, kahit hindi ito pangkaraniwan.
4. Pag-aralan ang kanilang mga turo at halimbawa.
5. Sundin sila. Paniwalaan ang kanilang sinasabi, at pagsumikapang gawin ang kanilang itinuturo (tingnan sa D at T 21:4–6).

HINDI KO IKINAHIHIYA

NOONG NASA BOARDING SCHOOL AKO, tumira ako sa isang hostel kasama ng iba pang mga estudyante. Ginawa ko ang lahat para maipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa pamamagitan ng madalas na pagdarasal at pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

Isang araw, napansin ng isang kaklase ko na nag-aaral ako ng Aklat ni Mormon sa aking higaan. Pagalit niyang inilista ang lahat ng dahilan kung bakit naisip niya na hindi totoo ang simbahan. Pagkatapos ay sinabi niya sa lahat ng nasa hostel ang tungkol sa aking mga "kakaibang" paniniwala. Sinimulan akong kutyain ng ilang kaklase ko pati na ang relihiyon ko; ang iba naman ay iniwasan na lang ako. Sa huli ay itinago ko ang Aklat ni Mormon sa ilalim ng kahon ng mga damit ko at pinag-aralan ko na lang ang Biblia para tigilan na ng mga kaklase ko ang panunuya sa akin.

Nagpatuloy ako sa pag-aaral ng Biblia hanggang sa mabasa ko ang Mga Taga Roma 1:16, na nagsasabing: "Sapagka't hindi ko ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]: sapagka't siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawa't sumasampalataya." Natanto ko na sa pagtatago ng Aklat ni Mormon, ipinapakita ko sa mga kaklase ko na ikinahihiya ko ang aking mga paniniwala. Muli kong kinuha ang aking Aklat ni Mormon at humingi ako ng tawad sa Ama sa Langit. Pagkatapos ay pinuntahan ko ang mga kabarkada ko at pinatotohanan ko ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Karamihan sa kanila ay tumigil sa pag-insulto sa akin at naging mga kaibigan kong muli.

Alam kong nauunawaan ng Diyos ang mga pagsubok na pinagdaraanan natin. Kapag pinanindigan natin ang ating mga paniniwala at ipinakita na "hindi [natin] ikinahihiya ang evangelio [ni Cristo]," pagkakalooban Niya tayo ng kapangyarihan, proteksyon, at patnubay. ■

Pamela O., Abuja, Nigeria

MGA PAGLALARAWAN NI J. BETH JEPSON

PAGLILINGKOD SA PAMAMAGITAN NG SENYAS

NOONG ANIM NA BUWAN PA LANG AKO, ang una kong isinenyas ay "gatas" at, pagkaraan ng ilang linggo, nabigkas ko na ang "panda." Nakakarinig ako, pero ang una kong wika ay ang American Sign Language. Naglingkod ang aking ina sa isang ASL mission at pagkatapos ay patuloy na nag-aral ng sign language sa eskuwela, at gusto niyang matuto rin ako nito.

Ang sign language ay naging napakalaking pagpapala sa buhay ko. Tinulutan ako nitong makakita at matuto ng mas marami pang bagay na hindi ko matututuhan kung wala ito. Pinaglalapit nito ang mga tao sa isa't isa. Gustung-gusto kong ituro sa mga tao ang nalalaman ko sa pamamagitan ng isahang pagtuturo at pagbibigay ng mga presentasyon sa paaralan at sa simbahan. Masaya rin talagang manood ng pangkalahatang kumperensya at iba pang mga video sa Simbahan sa sign language na kasama ng aking ina.

Ang pagkakaroon ng sign language sa buhay ko ay lubhang nagpatatag sa aking patotoo. Mas marami akong nakikilalang anak ng Diyos na hindi ko makikilala kung wala ito, at napakaganda ring kasangkapan nito para mapaglingkuran ang iba. Nagpapasalamat ako sa pagpapalang ito sa buhay ko at sa kahanga-hangang mga taong nakilala ko at napulutan ko ng aral. ■

Israel H., Oregon, USA

BAWAT PAHINA AY NAGSASAAD NA **NANINIWALA KAMI**

Nang sabihin ng kaklase ko na hindi naniniwala ang mga Mormon kay Cristo, nagpasiya akong basahin ang Aklat ni Mormon sa lubos na panibagong paraan.

Ni Richard M. Romney
Mga Magasin ng Simbahan

"Hindi Kristiyano ang mga Mormon."

Nagulat ako sa pahayag ng isa sa mga kaklase ko sa high school.

"Siyempre Kristiyano kami," sabi ko.

"Kung gayon, bakit mo binabasa ang Aklat ni Mormon?" sabi niya habang papalayo, kaya nawalan ako ng pagkakataong makasagot.

Pinag-isipan ko nang husto ang kanyang tanong. Ang sagot, siyempre pa, ay na ang mga Mormon *ay* mga Kristiyano at ang Aklat ni Mormon *ay* isa pang tipan ni Jesucristo. Binabasa namin ito kasama ng Biblia para mas matuto kami tungkol sa Tagapagligtas.

Nabasa ko na ang Aklat ni Mormon noon. Alam kong ito ay totoo. Ngunit dahil sa tanong ng kaklase ko, nahikayat akong pag-aralan ito sa panibagong paraan, na itinatala kung gaano kadalas binabanggit dito si Jesucristo. Nang gawin ko ito, namangha ako.

Hindi ko pa nabubuklat nang husto ang aklat nang mabasa ko sa pahina ng pamagat na ang Aklat ni Mormon ay isinulat upang kumbinsihin ang mga mambabasa "na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa."

Sa pambungad ng Aklat ni Mormon, nabasa ko, "Ang ministeryo ng Panginoong Jesucristo sa mga Nephita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli ang pinakatampok na pangyayaring natala sa Aklat ni Mormon." Sinabi rito na ang mga nagtatamo ng patotoo mula sa Espiritu Santo na ang talaan ay totoo ay "malalaman din sa pamamagitan ng yaon ding kapangyarihan na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan."

Bumaling ako sa "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" na nagsabing isang anghel ang nagpakita ng mga laminang ginamit sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon, at na "nalalaman namin na sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos Ama, at ng ating Panginoong Jesucristo, kung kaya't aming

ANG SARILI MONG PAGSASALIKSIK

Habang pinag-aaralan mo ang Aklat ni Mormon, madaling matututo tungkol kay Jesucristo. Maaari kang magtala habang nagbabasa ka o ginagamit mo ang mga tulong sa pag-aaral tulad ng Gabay sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan, na maraming reperensya sa Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo. Ang Aklat ni Mormon ay tunay na isa pang tipan ni Jesucristo.

namasdan ito at nagpapatunay kami na ang mga bagay na ito ay totoo."

Sumunod, ikinuwento sa "Ang Patotoo ng Propetang si Joseph Smith" ang pagbisita ng anghel na si Moroni, na nagsabing ang Aklat ni Mormon ay naglalaman ng kabuuan ng walang-hanggang ebanghelyo "na ibinigay ng Tagapagligtas sa mga sinaunang tao" sa Amerika.

Wala pa man ako sa 1 Nephi, marami na akong nakita!

Patuloy akong nagsaliksik. Sa 1 Nephi, natuklasan ko na alam ni Lehi na paparito ang Mesiyas (tingnan sa 1 Nephi 1:19). Binasa ko ang kanyang mga propesiya tungkol sa Manunubos, "na siyang mag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan" (tingnan ang 1 Nephi 10:10; tingnan sa mga talata 4–10). Binasa ko ang paglalarawan ni Nephi sa pagsilang ni Jesucristo, sa Kanyang ministeryo, kamatayan, Pagkabuhay na Mag-uli, at pagbisita sa hinaharap sa sinaunang Amerika (tingnan sa 1 Nephi 10–12).

Nabasa ko ang mga propesiya na patutunayan ng Aklat ni Mormon ang mga katotohanan sa Biblia na "ang Kordero ng Diyos ang Anak ng Amang Walang Hanggan, at ang Tagapagligtas ng sanlibutan; at na ang lahat ng tao ay kinakailangang lumapit sa kanya" (1 Nephi 13:40). At nabasa ko ang patotoo ni Nephi na "lahat ng bansa, lahi, wika, at tao ay mamumuhay nang matiwasay sa Banal ng Israel kung sila ay magsisisi" (1 Nephi 22:28).

Pagkaraan ng isang araw, nasa pahina 53 na ako. *Isa* lang sa mga aklat sa Aklat ni Mormon ang natapos ko, pero nakatanggap na ako ng malalakas na patotoo!

Sa mga sumunod na linggo, natuklasan ko sa bawat pahina ang mga patotoo tungkol kay Jesucristo, ang mga pangitain kung saan nagpakita Siya sa mga propeta, at ang detalyadong paglalarawan ng Kanyang ministeryo sa mga sinaunang tao sa Amerika. Tinapos ko ang aking pagbabasa ng malakas na patotoo ni Moroni tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Moroni 9); ang kanyang hamon na "itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, *sa pangalan ni Cristo,* kung ang [Aklat ni Mormon ay] totoo" (Moroni 10:4; idinagdag ang pagbibigay-diin); at, sa huling pahina, ang kanyang magiliw at nakakahikayat na paanyayang "lumapit kay Cristo" (Moroni 10:30, 32).

Nalaman ko na lubusang pinabulaanan ng Aklat ni Mormon ang pahayag ng kaklase ko. Kung ang Kristiyano ay isang taong naniniwala kay Jesucristo, bawat pahina ng Aklat ni Mormon ay nagsasabing, "Naniniwala kami!"

Kalaunan, nakita kong muli ang kaibigan ko. Ikinuwento ko sa kanya ang karanasan ko at inanyayahan ko siyang basahin ang Aklat ni Mormon. Magalang siyang tumanggi at sinabing masaya siya na tinatanggap ko si Jesucristo bilang aking Tagapagligtas. At pagkatapos naming mag-usap, palagay ko mas nauunawaan na niya ang ibig kong sabihin kapag sinasabi kong, "Siyempre Kristiyano kami." ■

ANG NAGPAPABALIK-LOOB NA KAPANGYARIHAN NG AKLAT NI MORMON, NI BEN SOWARDS



“Palagi kong ikinukumpara ang sarili ko sa iba, lalo na sa mga taong tila perpekto ang buhay. Paano ako higit na magtitiwala sa aking sarili?”

“Gumugugol tayo ng maraming oras at lakas sa paghahambing ng ating sarili sa iba. . . . Itinutulak tayo nito na asahan sa ating sarili ang mga bagay na imposibleng magawa. . . .

“. . . Nais Niya tayong maging perpekto, at kung mananatili tayo sa landas ng pagkadisipulo, balang-araw ay mangyayari iyon. Ayos lang na hindi pa kayo perpekto. Patuloy itong pagsikapan, ngunit huwag parusahan ang inyong sarili.”

Elder Dieter F. Uchtdorf, ng Korum ng Labindalawang Apostol, “Huwag Mo Akong Kalimutan,” *Liahona*, pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2011.

Ipagdasal na Malaman ang Iyong mga Kaloob

Marami kang mga talento at espirituwal na kaloob na ibinigay mismo sa iyo ng Ama sa Langit. Mayroong mga paraan na tanging ikaw lamang ang makapagpapala sa buhay ng ibang tao. Ito ang plano ng Ama sa Langit. Ipagdasal na malaman kung anong mga kaloob ang ibinigay sa iyo, at kung kailangan mo pa ng patnubay, tanungin ang mga malalapit sa iyo. Sa pamamagitan ng pakikinig sa Espiritu at pagsisikap na tuklasin at paunlarin ang iyong mga talento at mga banal na katangian, magkakaroon ka ng tiwala sa sarili na maaaring hindi pa napasaiyo noon.

Amy P., edad 17, Kentucky, USA

Mas Kilalanin Pa Sila

Sa tuwing nakikita kong inihahambing ko ang aking sarili sa iba, sinusubukan kong mas kilalanin pa sila. Kapag mas nakilala ko na ang aking “idol,” masakit tanggapin na ang bawat tao sa mundo ay nahaharap sa mga pagsubok sa kanilang buhay. Habang mas kinakausap ko ang taong iyon, mas lalo ko silang itinuturing bilang kaibigan at hindi bilang isang mukhang perpektong tao.

Amelia C., edad 15, Idaho, USA

Opinyon Lamang ng Ama sa Langit ang Mahalaga

Sa kanyang talumpating "Sapat na ba ang Kabutihan ko? Magiging Karapat-dapat ba Ako?" noong Oktubre 2016, sinabi ni Elder Devn Cornish ng Pitumpu, "Ang opinyon na tanging mahalaga sa atin ay ang iniisip sa atin ng ating Ama sa Langit. Mangyaring taimtim na itanong sa Kanya kung ano ang iniisip Niya tungkol sa atin. Tayo ay [mamahalin at] itatama Niya ngunit hindi kailanman [pahihinain ang ating loob]." Kapag iniisip ko na hindi ako kailanman magiging kasinggaling ng mga taong nakapaligid sa akin, bumabaling ako sa aking Ama sa Langit at sinusubukan kong alalahanin na ako ay anak ng isang mapagmahal na Diyos na handang tumulong na maabot ko ang aking ganap na potensyal at maging katulad ng alam Niyang kaya kong maging kung hahanapin ko Siya.

Amanda M., edad 19, Paraná, Brazil

Ipagdasal na Magkaroon ng Tiwala sa Sarili

Madalas kong ikumpara noon ang sarili ko sa iba na akala ko'y lubhang nakahihigit sa akin, lalo na sa mga taong mas angat ang kabuhayan. Tuwing magdarasal ako sa Ama sa Langit, pinagkakalooban Niya ako ng tiwala sa sarili. Nalaman ko na anuman ang hamon, tutulungan ako ng Diyos dahil hindi Niya tayo binibigyan ng isang tungkulin nang hindi Siya naghahanda ng paraan para magawa natin ito (tingnan sa 1 Nephi 3:7; 17:3).

Joshua O., edad 19, Lagos, Nigeria

Ang mga sagot ay nilayong makatulong at magbigay ng pananaw, hindi bilang mga opisyal na pahayag ng doktrina ng Simbahan.

LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Ano ang kaloob ng pagkilala?

Nagsasalita ang mga banal na kasulatan tungkol sa "pagkilala sa mga espiritu" bilang isang kaloob ng Espiritu (I Mga Taga Corinto 12:10; D at T 46:23). Ang ibig sabihin nito ay "ang maunawaan at malaman ang isang bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. . . . Napapaloob dito ang tunay na pagkilala sa tunay na pag-uugali ng mga tao at ang pinagmulan at kahulugan ng mga espirituwal na pagpapatunay" (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagkilala, Kaloob ng," scriptures.lds.org).

Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang kaloob na makahiwatig ay makakatulong sa atin na (1) "makita ang tagong pagkakamali at kasamaan sa iba," (2) "makita ang sarili nating mga tagong pagkakamali at kasamaan," (3) "malaman at mailabas ang kabutihang maaaring nakatago sa iba," at (4) "malaman at mailabas ang kabutihang maaaring nasasaloob natin" ("Mabilis Magmasid," *Liahona,* Dis. 2006, 19).

Ano Ba ang Nasa Isip Mo?

"Paano ako hindi magagambala ng aking mga electronic devices, lalo na sa simbahan at sa seminary?"

Isumite ang iyong sagot at, kung nais mo, magsama ng isang high-resolution na retrato bago sumapit ang Hulyo 15, 2018, sa liahona.lds.org (i-klik ang "Submit an Article or Feedback").

Ang mga sagot ay maaaring i-edit para paikliin o linawin pa ito.

TUKLASIN ANG IYONG

Ni Justina Lichner

Tila laging sinasabi ng lahat na, "Kung alam mo lang kung gaano ka kagaling." Ang totoo, kung minsa'y talagang hindi mo lang alam kung gaano ka kagaling. Kapag pakiramdam natin ay hindi tayo ang pinakamatalino, pinakamabait, pinakamaganda, pinaka-nakakatawa, at may pinakamaraming talento, parang naglalaho ang tiwala natin sa sarili.

Pero isipin mo ito: lahat tayo ay mga espiritung anak na lalaki at babae ng Ama sa Langit. Dahil doon, binigyan niya tayo ng mga natatanging kaloob at talento para tulungan tayong maabot ang ating banal na potensyal. Habang natutuklasan natin ang ating mga kaloob, maaalala natin ang ating banal na kahalagahan bilang Kanyang mga anak, at mapapalapit tayo sa Kanya at matutulungan natin ang iba na gawin din iyon.

TUKLASIN ANG IYONG MGA KALOOB

Narito ang siyam na ideyang makakatulong sa iyo na tuklasin ang ilan sa iyong di-gaanong-halatang mga kaloob.

1. **Hilingin sa iba na ipaalam ito sa iyo.** Kung minsa'y hindi natin nakikita sa ating sarili ang nakikita ng iba sa atin. Hilingin sa isang kaibigan, kamaganak, o lider ng Simbahan na sulatan ka tungkol sa isang kaloob o talento na nakikita nila sa iyo.

2. **Hanapin ang mga kaloob sa oras ng pagsubok.** Sa mga paghihirap mapipili nating ilabas ang pinakamabubuting katangian natin o ang pinakamasasamang katangian natin. Kapag mahirap ang panahon, magtuon sa pagtuklas at paggamit ng iyong pinakamabubuting katangian at kaloob.

3. **Ipagdasal na tulungan kang malaman ang iyong mga kaloob.** Alam ng Ama sa Langit ang ating banal na potensyal. Kung nahihirapan tayong makita iyan sa ating sarili, makakatulong Siya. Maaari kang humingi ng tulong sa panalangin na malaman ang iyong mga kaloob.

4. **Huwag matakot na sumubok ng iba.** Pinauunlad lang ba natin ang mga kaloob na alam na nating taglay natin dahil takot na takot tayong gumawa ng isang bagay na hindi pa natin nagagawa noon? Panahon na para sumubok ng iba at tuklasin ang mga hindi pa natin nakikitang mga kaloob.

5. **Saliksikin ang salita ng Diyos.** Tinutulungan tayo ng Ama sa Langit na matuklasan at mapaunlad ang ating mga kaloob sa pamamagitan ng mga tanda na matatagpuan sa mga banal na kasulatan—kadalasa'y sa pamamagitan ng mga paanyayang kumilos. Kagaya halimbawa ng talatang ito: "Tumigil sa pakikipagtalo sa isa't isa; tumigil sa pagsasalita ng masama sa isa't isa" (D at T 136:23). Anong mga kaloob ang mapapaunlad mo mula sa paanyayang ito? Ang kaloob na magsalita ng may kabaitan, ang kaloob na panatagin ang iba, ang kaloob na magpigil, at marami pang iba. At isang talata pa lang ang pinanggalingan niyan! Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan at pagdinig sa mga paramdam ng Espiritu ay makakatulong sa iyo na matuklasan ang iyong mga kaloob.

6. **Huwag magtuon sa sarili.** Kung minsa'y lumalabas ang pinakamabubuting katangian natin kapag hindi tayo nakatuon sa ating sarili kundi sa halip ay nakatuon tayo sa kung paano tayo makikipagtulungan at makakatulong sa iba. Kapag ginawa natin iyan, makikita natin na marami tayong mga kaloob na katulad ng kay Cristo.

7. **Isipin ang mga taong tinitingala mo.** Sino ang ilan sa iyong mga huwaran? Maaari kang gumawa ng listahan ng lahat ng kaloob na taglay ng iyong mga huwaran at, sa halip na magtuon sa kung aling mga kaloob ang mayroon siya na wala ka, matuwa sa pagtuklas sa mga kaloob na mayroon kayo pareho.

PAGLALARAWAN NI CLAYTON THOMPSON

MGA **KALOOB**

ANG PAGNANAIS NA TUMUKLAS

"Alam ko na maraming kaloob at talentong gustong ibigay ang ating Ama sa Langit sa atin, ngunit ang mga ito 'ay kundisyonal sa paghingi natin. Ang mga pagpapala ay kailangan nating pagpaguran o pagsikapan' (Bible Dictionary, 'Prayer')."

Elder Mervyn B. Arnold ng Pitumpu, "Nasaan Ako? Paano Tuklasin at Paunlarin ang Aking mga Espirituwal na Kaloob at Talento," *Liahona*, Dis. 2014, 61.

8. Magnilay tungkol sa iyong pamilya. Anong mga kaloob ang mayroon ka na mayroon din ang iyong mga kapatid, magulang, o lolo't lola? Magsaliksik pa! Saliksikin ang family history, tuklasin ang mga kuwento, at tukuyin ang iba pang mga kaloob na mayroon ka na mayroon din ang iyong pamilya.

9. Tanggapin o basahin ang iyong patriarchal blessing. Maaaring mabanggit sa iyong blessing ang mga kaloob na mayroon ka o dapat mong paunlarin, at maaari din nitong ituro sa iyo ang landas na aakay sa iyo na tumuklas ng iba pang mga bagong kaloob at talento.

MAGING GANAP SA KANYA

Hindi tayo kailangang maging pinakamagaling sa lahat ng bagay para malaman na tayo ay kapaki-pakinabang na mga anak ng Diyos. Kailangan lang tayong maging tapat sa pagtuklas at pagpapaunlad ng ating mga kaloob at talento—sa gayon, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari tayong maging ganap sa Kanya (tingnan sa Moroni 10:32). ■

Ang awtor ay naninirahan sa Rhineland-Palatinate, Germany.

TULUNGAN ANG IBA NA TUMUKLAS NG MGA KALOOB

May nakikita tayo sa iba na maaaring hindi nila makita sa kanilang sarili. Sa linggong ito sabihin ang mga bagay na iyon sa isang kaibigan o kapamilya. Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong sarili na makakatulong sa iyo sa matuklasan ang mga kaloob ng iba.

1. Ano ang nagawa nila para tulungan ka?
2. Ano ang nagugustuhan mo sa kanila?
3. Saan sila mahusay?
4. Ano ang sinusubukan nilang pagbutihin?



PATULOY NA SUMISIKAT ANG ESPIRITUWAL NA liwanag SA LAHAT NG NILIKHA NG DIYOS.

Elder Dieter F. Uchtdorf,
Korum ng Labindalawang Apostol,
"Mga Tagadala ng Makalangit na Liwanag," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017.

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES

Laging Nariyan ang Liwanag

Ni Elder Dieter F. Uchtdorf
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Sa mga flight ko noon sa iba't ibang dako ng ating daigdig bilang airline captain, palagi akong namamangha sa kagandahan at kasakdalan ng mga likha ng Diyos. Gustung-gusto ko lalo na ang kaugnayan ng daigdig at ng araw. Itinuturing ko itong isang napakagandang object lesson tungkol sa kung paano umiiral ang kadiliman at liwanag.

Katulad ng alam nating lahat, sa loob ng bawat 24 na oras ay nagiging umaga ang gabi at nagiging gabi ang umaga.

Kaya, ano ang gabi?

Ito ay walang iba kundi anino.

Kahit na sa pinakamadilim na mga gabi, hindi tumitigil ang araw sa pagbibigay ng liwanag nito. Ito ay patuloy na nagliliwanag nang napakaliwanag tulad ng dati. Ngunit kalahati ng daigdig ay nasa kadiliman ng gabi.

Ang kawalan ng liwanag ay nagdudulot ng kadiliman.

Kapag sumapit ang kadiliman ng gabi, hindi tayo nawawalan ng pag-asa at nag-aalala na naglaho na ang araw. Hindi natin iniisip na ang araw ay wala na roon o patay na. Nauunawaan natin na nasa anino tayo, na patuloy na iikot ang daigdig, at kalaunan ay mararating tayong muli ng mga sinag ng araw.

Ang kadiliman ay hindi pahiwatig na wala nang liwanag. Kadalasan, ibig sabihin lang nito ay wala tayo sa tamang lugar upang tumanggap ng liwanag.

Patuloy na sumisikat ang espirituwal na liwanag sa lahat ng nilikha ng Diyos.

Tayo ang magpapasiya na pumaroon sa tamang lugar upang makita ang banal na liwanag at katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Kahit sumapit na ang gabi at tila madilim ang mundo, mapipili nating lumakad sa liwanag ni Cristo, sumunod sa Kanyang mga kautusan, at matapang na magpatotoo tungkol sa Kanyang katotohanan at Kanyang kadakilaan.

Sa tuwing itinutuon ninyo ang inyong mga puso sa Diyos sa pagdarasal ng may pagpapakumbaba, nararanasan ninyo ang Kanyang liwanag. Sa tuwing hinahangad ninyo ang Kanyang salita at kalooban sa mga banal na kasulatan, lalong tumitindi ang liwanag. Sa tuwing napapansin ninyo ang isang taong nangangailangan at isinasakripisyo ang inyong sariling kaginhawahan upang makatulong nang may pagmamahal, lalong lumiliwanag at nadaragdagan ang liwanag. Sa tuwing tinatanggihan ninyo ang tukso at pinipili ang kadalisayan, tuwing naghahangad o nagbibigay kayo ng kapatawaran, tuwing matapang kayong nagpapatotoo tungkol sa katotohanan, itinataboy palayo ng liwanag ang kadiliman at inaakit ang iba na naghahangad din ng liwanag at katotohanan. ■

Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2017, nang si Elder Uchtdorf ay Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES AT KAY ANDREW ROBERTS

MGA KABATAAN

Ipinanganak sa **Ostrava, Czechoslovakia,** *Noong Nobyembre 6, 1940*

Sumapi siya sa Simbahan noong 1947 sa Zwickau, Germany.

Sinang-ayunan bilang miyembro ng **Korum ng Labindalawang Apostol** *noong Oktubre 2, 2004*

Noong siya ay bata pa, siya at ang kanyang pamilya ay **mga refugee,** *na tumakas mula sa Czechoslovakia patungong Germany, at pagkatapos ay mula sa East Germany patungong West Germany.*

Pinakasalan niya si Harriet Reich noong 1962 sa **Bern Switzerland Temple**



Nagtrabaho siya sa **Lufthansa German Airlines bilang isang piloto.** *Naging kapitan siya sa edad na 29.*

PAGLIWANAGIN ANG INYONG ILAW

Pagpapakita ng Kanyang Pagmamahal

HELLO!
Ako si Love.
Pinagliliwanag ko ang aking ilaw sa pagpapakita ng pagmamahal sa aking pamilya.

1 Tungkol sa Akin

Nakatira ako sa Nigeria. Isang bansa iyon sa Africa. Kasama ko sa bahay ang aking mga magulang at mga kapatid na lalaki. Ang paborito kong kanta ay "Mga Bata sa Buong Daig-dig." Ang paborito kong talata sa banal na kasulatan ay 1 Nephi 3:7.

2 Malapit sa Templo

Napakalapit ng tirahan namin sa Aba Nigeria Temple. Limang minutong lakaran lang naroon na kami! Napakasaya ko kapag bumibisita ako sa templo. Naghahanda akong makapa-sok sa loob para magsagawa ng mga pagbibinyag.

Ang Pinakamagandang Lugar sa Lahat

Tuwing Lunes, ipinapaalala ko sa mga kapatid kong lalaki ang family home evening. Gusto ko kapag nag-luluto ng hapunan ang tatay ko at sama-sama kaming sumasayaw. Ang tahanan ang pinakamagandang lugar sa lahat.

Pagtulong sa mga Kapatid Kong Lalaki

Tuwing umaga, ginigising ko ang nakababata kong mga kapatid na lalaki para sa aming family devotional. Sama-sama kaming kumakanta ng mga himno, nag-aaral ng mga banal na kasulatan, at lumuluhod at nagdara-sal. Pagkatapos ay tinutulungan ko silang maghanda sa pagpasok sa paaralan. Pakiramdam ko tungkulin ko sa aking Ama sa Langit na mahalin at tulungan ang mga kapatid ko.

Pagtatrabaho at Paglalaro

Pagkatapos ng eskuwela tinu-tulungan ko ang nanay ko sa mga gawaing-bahay. Tinutulu-ngan ko rin ang mga kapatid ko sa mga takdang-aralin nila. Wala akong gaanong oras para maglaro, pero gustung-gusto kong magbisikleta at gumawa ng mga saranggola. Nadarama ko ang pagmamahal ng Ama sa Langit kapag nagpapakita ako ng pagmamahal sa pamilya ko.

PAANO KA MAGLILIWANAG?

- Basahan ang mga kapatid mo.
- Itanong sa nanay o tatay mo kung paano ka makakatulong.
- Ipaalala sa pamilya mo ang pagdarasal bilang pamilya.

PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!

Hiniling sa atin ni Jesus na "[pagliwanagin ang ating] ilaw sa harap ng mga tao" (Mateo 5:16). Paano mo pinagliliwanag ang iyong ilaw? I-email sa amin ang larawan ng iyong bituin lakip ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang sa liahona@ldschurch.org.

Oras ng Pagtulog para kay Felix

Ni Heidi Poelman
Batay sa tunay na buhay

*"'Pag ako'y nakakatulong, napakasaya ko, dahil sarili ko'y natulungan ko." (*Children's Songbook, *197).*

Pinanood ni Anton na magload sa computer screen ang level six na tila pang-isang milyong beses na. Huminga siya nang malalim at nagsimulang gumalaw sa maze, na lumilipad sa ibabaw ng makukulay na spike at sa loob ng nag-aapoy na mga lagusan. Pumadyak siya nang mas mabilis habang palapit siya nang palapit sa finish line.

"Anton?" Boses ni Inay iyon. Parang may kailangan siya.

"Huwag ngayon!" naisip niya. Tinalon niya ang isa pang malaking spike at mabilis na tinawid ang isa pang lagusan. "Po?" sabi niya, na hindi inaalis ang mga mata sa screen.

"Puwede mo bang suotan ng pajama si Felix at basahan siya ng kuwento? Tinatapos ko pang linisin ang kusina."

"Um . . . ," *Napakalapit* na niya! Lumiko siya sa huling pasilyo na maraming malalaking spike, tumalon sa ibabaw ng isa pang apoy, lumagpas sa nangangaing halimaw, at . . . SA WAKAS! narating niya ang finish line.

Ini-load ng computer ang level seven. Mukhang mas mahirap ito, pero hindi makapaghintay si Anton na subukan ito. Pinaghirapan niya ng husto na marating ang level na ito. Pinindot ni Anton ang pause button at tumingala kay Inay, na karga ang kanyang maliit na kapatid na si Felix. "Puwede po bang maglaro pa ako nang ilang minuto? Kararating ko lang po sa level seven!"

"Kailangan ko talaga ang tulong mo," sabi ni Inay. "Puwede kang maglaro ng isa pang level pagkatapos mong asikasuhin si Felix."

Ngumiti si Felix. "Sige na?" sabi niya sa dalawang-taong-gulang niyang boses.

Tumingin si Anton sa computer screen at bumuntong-hininga. "Sige na nga." Kailangan lang niyang magmadali

MGA PAGLALARAWAN NI SCOTT SAGUIBO

para makabalik siya sa kanyang laro.

Binuhat niya si Felix at inakyat sa kuwarto nila.

"Sino ang paborito kong baby brother?" sabi niya, habang pinipindot ang malambot na tiyan ni Felix. Hinipan niya ang tiyan ni Felix at napangiti nang humiyaw si Felix sa pagtawa.

Binihisan ni Anton si Felix ng paborito niyang dinosaur pajamas. Pagkatapos ay binuhat niya si Felix sa kama at nagtungo na siya sa pinto. Sinabihan siya ni Inay na basahan din ng kuwento si Felix, pero nagawa na niya ang mahalaga. Siguro naman ngayon makakapasok na siya sa *dalawa* pang level bago siya matulog.

Nang maramdaman ni Anton na may humila sa T-shirt niya. Tumingin siya sa ibaba at nakita niya si Felix na bumaba ng kama.

"Bear?" tanong ni Felix.

Tumakbo siya sa kanyang basket ng mga aklat at kinuha ang isang aklat na may polar bear sa harap.

"Naku, Felix, may gagawin pa ako!" sabi ni Anton. Itinaas ni Felix ang aklat sa kanyang ulo,habang nakatingin kay Anton ang kanyang malalaking matang kulay-brown.

Hindi mapigilang ngumiti ni Anton. "Hindi ka papayag na hindi, ano? Sige na nga."

Umupo si Anton sa kama ni Felix, at kumandong si Felix sa kanya. Binuklat ni Anton ang unang pahina at nagbasa habang nakasandal si Felix sa kanya. Itinuro ni Felix ang bawat hayop sa pahina at nagpraktis na bigkasin ang pangalan nito. "Zee-ba . . . famingo . . . wah-wus."

Pagkatapos nito, isinara ni Anton ang aklat at kinumutan si Felix. "Magandang gabi, Felix," sabi niya, at hinalikan si Felix sa ulo at tumayo na para umalis.

Pero nang palabas na siya ng pinto, muli niyang narinig ang maliit na boses. "Yakap?"

Napangiti sa Anton. "OK. Usog ka. Dito muna ako sandali."

Humiga si Anton sa unan. Sa ngayon, ayaw na muna niyang gumawa ng ano pa man. Napangiti siya nang humikab nang malakas at magpikit ng mga mata si Felix. Iyon ang pinakamasaya niyang sandali sa buong araw na iyon. Makapaghihintay ang kanyang laro. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Mga Tortilla at Mag-amiga

Nina Lindsay Stevens Tanner at Maryssa Dennis

Batay sa tunay na buhay

*"Kung gusto mo ng kaibigan, magmalasakit ka" (*Children's Songbook, *262).*

Inip na si Adriana. Gusto niyang makipaglaro sa kakambal niyang si Diana. Pero isinama ng Mama niya si Diana para mamili sa palengke. Bumuntung-hininga si Adriana. Malungkot ang bahay. Sana pala sumama na lang siya sa kanila.

Nagpasiya si Adriana na bumisita sa kapitbahay nilang si Margarita. Matatanda na ang mga anak ni Margarita, at parang lola na ang turing ni Adriana sa kanya. Palagi silang masayang magkasama.

Pumunta sa labas si Adriana. Nasikatan siya ng mainit na araw habang naglalakad papunta sa bahay ni Margarita. Sumilip siya sa pintuan. "Aling Margarita, nariyan po ba kayo?"

"*Oo,* narito ako sa kusina," sigaw ni Margarita. Nakita siya ni Adriana na nakayuko sa mesa sa may kusina. Inangat niya ang kanyang ulo nang pumasok si Adriana.

"Hello, Adriana," sabi ni Margarita. Ngumiti siya nang bahagya. Pero parang malungkot ang ngiting iyon.

"May problema po ba?" tanong ni Adriana.

Bumuntung-hininga si Margarita. "Wala kang dapat ipag-alala."

"Paano ko mapabubuti ang pakiramdam niya?" naisip ni Adriana. Mukhang masaya palagi si Margarita kapag magkasama silang nagluluto. "Puwede po ba kitang tulungang gumawa ng mga tortilla?"

"Kagagawa ko lang ng ilan," sabi ni Margarita. Inangat niya ang telang napkin para ipakita ang magkakapatong na tortilla.

"Kung gayon puwede po ba kitang tulungang *kainin* ang mga tortilla?" nakangiting tanong ni Adriana.

Tumawa si Margarita. "Siyempre naman. Mag-iinit lang ako ng kaunting beans na ilalagay dito."

Tumayo si Adriana sa tabi ni Margarita sa may kalan at hinalo ang iniinit na pritong black beans sa kaserola.

Nang mainit na ang beans, dinala niya ito sa mesa. Dinala ni Margarita ang mga tortilla at keso.

Kumuha si Adriana ng mainit na tortilla at nilagyan ito ng beans sa ibabaw. Pagkatapos ay binudburan niya ito ng keso sa ibabaw. Mukhang masarap ito! Hindi makapaghintay si Adriana na kumain! Pero may gusto muna siyang gawin.

"Puwede po ba akong magdasal?" tanong ni Adriana kay Margarita.

"Oo naman."

Pumikit si Adriana at humalukipkip. "Ama sa Langit, salamat po sa pagkaing ito. Basbasan po Ninyo ito para magpalusog at magpalakas sa amin. At tulungan po Ninyo si Margarita sa anumang kailangan niya. Masaya po akong maging kaibigan siya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen."

Iminulat ni Adriana ang kanyang mga mata. Nakangiti nang husto si Margarita—totoong ngiti na ngayon. Habang kumakain sila, pinag-usapan nila ang eskuwela at isports at mga aklat. Gustung-gustong makipag-usap ni Adriana kay Margarita.

MGA PAGLALARAWAN NI JENNIFER BRICKING

Pagkatapos nilang kumain, niyakap nang mahigpit ni Adriana si Margarita. “Salamat po sa meryenda. Masayang-masaya ako!”

Niyakap din ni Margarita si Adriana. “Salamat sa *iyo,* Adriana. Kinailangan ko ng kaibigan ngayon.”

Ngumiti si Adriana. “Natutuwa po ako na *mag-amiga* tayo.”

“Natutuwa rin ako na magkaibigan tayo,” sabi ni Margarita. “Bakit hindi mo na lang iuwi itong natirang mga tortilla? Busog na busog na ako.”

Paluksu-luksong umuwi si Adriana sa bahay niya. Busog na busog din siya—at hindi lang dahil sa mga tortilla! Punung-puno siya ng pagkakaibigan mula ulo hanggang paa. ■

Ang mga awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TORTILLA NG PAGKAKAIBIGAN

Tamang-tama itong madaling gawing mga corn tortilla para makipagkaibigan at maibahagi sa mga kaibigan. Siguraduhing humingi ng tulong sa isang nakatatanda.

2 tasang masa farina (corn flour)

1 1/2 tasang mainit na tubig

1. Paghaluin ang masa farina at ang mainit na tubig. Masahin ang dough hanggang sa lumambot.
2. Bilugin nang maliliit ang dough. Ilagay ang isang binilog na dough sa pagitan ng dalawang waxed paper.
3. Gamit ang isang pinggan o kawali, ilang beses na pipiin nang husto ang binilog na dough.
4. Lutuin ang tortilla sa kawali sa katamtamang apoy. Kapag medyo maitim na ang paligid ng ibabaw, baligtarin para maluto ang kabila.
5. Lagyan ng beans at keso sa ibabaw, at namnamin!





Ang Himala

Mga titik at himig ni Shawna Belt Edwards

Magiliw ♩ = 68

mp

mp

1. Si Je - sus luma - kad sa tu - big. Pi -
2. Siya'y na - ma - tay pa - ra sa 'kin, U -

na - kal - ma Niya ang bag-yo't da - gat. Pi - na - ga - ling ang ke - to-ngin, Pa -
pang a - ko'y Kan-yang ma - i - lig - tas. Nang Siya ay mu-ling na - bu-hay, Re -

cresc. *mf*

ti na ang lum-po at ang bu - lag. Li - bo ang na - ka - ka - in sa da - la - wang ti - na - pay, Ang
ga - lo Niya ay wa - lang ka - pan - tay. A ko'y ma - pa - pa - ta - wad sa tu - wing mag - si - si - si, At

cresc. *mf*

© 2018 ni Shawna Belt Edwards. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
Ang awiting ito ay maaaring kopyahin para sa insidental at di-pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Ang paunawang ito ay kailangang isama sa bawat kopyang gagawin.



Panoorin ang sing-along video ng kantang ito sa children.lds.org. I-klik ang "Music" at "Sing-Along Videos."

"Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating Mabuting Pastol, na nagmamahal at nagmamalasakit sa atin. Kilala Niya tayo at ibinuwis Niya ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga tupa. Nabubuhay rin Siya para sa atin at nais Niyang makilala natin Siya at manampalataya tayo sa Kanya. Minamahal at sinasamba ko Siya, at labis-labis ang pasasalamat ko sa Kanya."

Ni Elder Dale G. Renlund
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mula sa "Ang Ating Mabuting Pastol," Liahona, *Mayo 2017, 32.*

PAGLALARAWAN NI KRISTIN KWAN

Kilala Ka ng Ama sa Langit

Ni Sister Cristina B. Franco
Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency



PAGLALARAWAN NI BRAD TEARE

Tuwing Linggo sa isang maliit na bayan sa Argentina, isang grupo ng mga tao ang nagtitipon sa ilalim ng puno para magbasa ng mga banal na kasulutan at matuto tungkol sa ebanghelyo. Ang ilan sa kanila ay mga miyembro ng Simbahan. Pero marami sa kanila ang hindi pa nabinyagan, at talagang gusto nilang mabinyagan!

Pero may problema sila. Malayo ang tirahan nila mula sa iba pang mga bayan. Ilang taon nang walang nakabisitang mga pinuno ng Simbahan sa bayan nila.

Pagkatapos ay nabalitaan nila na may ilang missionary sa isang bayan mga apat na oras mula sa kanila. Lahat sila ay nagbigay ng pera sa isang lalaki para magpabili ng tiket sa bus papunta sa bayan kung saan naroon ang mga missionary. Pagdating niya roon, naghintay siya sa istasyon ng bus. Akala niya iyon ang pinakamagandang lugar para mahanap ang mga missionary.

Pagkaraan ng ilang oras, may nakita siyang dalawang binata. Sila ang mga missionary! Nagkuwento siya sa kanila tungkol sa mga tao sa kanyang bayan. Kaya nagplanong bumiyahe ang mga missionary at ang mission president para makipagkita sa mga taong ito.

Sa araw ng pagdating ng mission president at mga missionary, maraming taong nagtipon para makita sila. Ngayo'y mabibinyagan na ang mga hindi pa nabibinyagan. Matapos silang maturuan ng mga lesson, handa na sila!

Napakalayo ng pinakamalapit na ilog, kaya nagbomba sila ng tubig mula sa isang poso at pinuno ang isang portable swimming pool. Tatlong oras ang inabot bago napuno ang pool! Sa kabuuan, 27 kababaihan, kalalakihan, at mga bata ang nabinyagan noong araw na iyon. Napuspos sila ng kagalakan!

Alam ng Ama sa Langit na gustong mabinyagan ng mga taong ito, at tinulungan Niya silang mahanap ang mga missionary. Kilala ka rin ng Ama sa Langit. Alam Niya kung nasaan ka at kung sino ka at kung ano ang kailangan mo. Dinirinig at sinasagot Niya ang iyong mga panalangin. Gaano ka man kalungkot, palagi Siyang naririyan. Hinding-hindi ka nag-iisa. Makakalapit ka palagi sa Kanya. ■

Sinunod ni Moises ang Diyos

Ni Kim Webb Reid



Isang araw, natagpuan ng isang prinsesa ng Egipto ang isang sanggol na Hebreo sa isang tampipi. Pinangalanan niya itong Moises at pinalaki na isang prinsipe.

Nang lumaki si Moises, hindi niya nagustuhan ang pagtrato ng mga Egipcio sa mga Hebreo, na kanilang mga alipin. Nang ipagtanggol sila ni Moises, ninais ng hari ng Egipto na ipapatay siya. Kinailangang tumakas ni Moises. Pagkatapos ay sinabihan siya ng Diyos na bumalik at palayain ang mga Hebreo.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Hiniling ni Moises sa Faraon, ang hari, na palayain ang mga Hebreo. Tumanggi ang Faraon. Tinulungan ng Diyos si Moises na isumpa ang lupain para magbago ng isip ang Faraon. Napuno ng mga langaw, kuto, at pagkatapos ay ng mga palaka ang lupain. Sa wakas ay sinabi ng Faraon na makakaalis na ang mga alipin.

Sa kanilang pag-alis, nagbago ang isip ng Faraon at ipinahabol sila sa kanyang hukbo. Nang dumating sa Dagat na Pula ang mga tao ni Moises, gumawa ng tuyong daanan sa dagat ang Diyos para makatakas sila.

Ibinigay ng Diyos kay Moises ang Sampung Utos. Itinuro ito ni Moises sa mga tao habang naglalakbay sila patungong lupang pangako. Sa wakas ay ligtas na sila at malaya!

Kaya kong maging katulad ni Moises. Kaya kong sundin ang mga kautusan. Tutulungan ako ng Diyos kapag nanindigan ako para sa mga nangangailangan ng tulong. ■

Mula sa Exodo 2–34.

Kaya Kong Maging Isang Tagapamayapa

PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT

Ni Pangulong M. Russell Ballard
Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

ANG ATING BANAL NA LUGAR TUWING SABBATH

Kung sisimulan nating isipin na ang chapel ay isang banal na santuwaryo ng pananampalataya at pagsamba para sa sacrament meeting, tayong lahat ay pagpapalain.

Ang sacrament meeting ay isang kamangha-mangha at kasiya-siyang oras. Kapag pumapasok tayo sa chapel at naghahandang tumanggap ng sakramento, dapat nating isipin na tayo ay nasa isang santuwaryo, isang sagrado at espesyal na lugar kung saan maaari nating pagnilayan si Cristo at ang Kanyang dakila at maluwalhating misyon. Isinasantabi natin ang mga makamundong bagay at sa halip ay iniisip ang mga bagay na pangwalang-hanggan. Kailangan nating itago ang ating cell phone at pagnilayan ang tungkol kay Jesucristo, ang Anak ng Buhay na Diyos.

Mayroon lamang tayong 70 minuto bawat linggo para magtuon sa ating pagmamahal para sa Tagapagligtas. Kung sisimulan nating isipin na ang chapel ay isang banal na santuwaryo ng pananampalataya at pagsamba para sa sacrament meeting, tayong lahat ay pagpapalain.

Sa pagtatayo natin ng kaharian ng Diyos, wala na akong maisip na mas mahalaga kaysa magkaroon ng sacrament meeting na inihandang mabuti kung saan ang mga tagapagsalita ay nangungusap tungkol kay Cristo, nagpapatotoo tungkol kay Cristo, at nagbabahagi ng patotoo mula sa mga apostol at propeta sa mga banal na kasulatan at sa iba pang mga mapagkukunan.

Bilang isang Simbahan nakatuon na tayo sa araw ng Sabbath. Umunlad na tayo, pero marami pa tayong kailangang gawin. Magpapatuloy tayo sa ating mga pagsisikap hanggang ang bawat miyembro at missionary ay lubos na maganyak sa espirituwal sa oras ng kanilang pagsamba sa araw ng Sabbath para sabihin ng bawat isa sa kanyang mga kapitbahay, investigator, at kamag-anak na, "Magsiparito kayo at inyong makikita. Halina't samahan kaming sumamba." Ito ang gusto nating mangyari.

Kung magagawa nating lahat ito bilang isang Simbahan, madarama ng mga tumatanggap sa ating paanyayang "magsiparito kayo at inyong makikita" ang kapangyarihan ng mensahe ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo. Sa pagsama nila sa ating pagsamba sa ating mga sacrament meeting, ang kanilang mga puso ay maaantig at ang liwanag ng ebanghelyo ay magliliwanag sa kanilang puso't isipan. ■

Mula sa "The Chapel: Our Sabbath Sanctuary" sa prophets.lds.org.



THE LAST SUPPER,
NI CLARK KELLEY PRICE

"At nang dumating ang oras, ay naupo [si Jesus], at ang mga apostol ay kasalo niya. . . .

"At siya'y dumampot ng tinapay, at nang siya'y makapagpasalamat, ay kaniyang pinagputolputol, at ibinigay sa kanila, na sinasabi, Ito'y aking katawan, na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.

"Gayon din naman ang saro, pagkatapos na makahapon, na sinasabi, Ang sarong ito'y ang bagong tipan sa aking dugo, na nabubuhos nang dahil sa inyo" (Lucas 22:19–20).

MGA YOUNG ADULT

ANG NAKAKABALANSENG EPEKTO NG PAGTITIIS

Ang pagsunod sa tatlong alituntuning ito ay makatutulong sa atin hindi lamang para makapagtiis kundi "masiyahan hanggang sa wakas."

44

MGA 18-TAONG-GULANG

PAGKATAPOS NG MGA YOUTH PROGRAM, ANO NA?

50

MGA KABATAAN

PAANO PAUNLARIN ANG IYONG MGA KALOOB

62

TAGALOG

4 02147 52893 3

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW